


ANG PUWANG SA PAGITAN NG PITONG KAPANAHUNAN NG IGLESYA AT NG PITONG TATAK

 Magandang gabi, mga kaibigan. Ito’y isang—isang dakilang prebilehiyo ang makabalik rito sa bahay ng Panginoon, ngayong gabi, sa gawain, sa nananatiling nabubuhay sa—sa manna mula kaninang umaga, na ang ating mga kaluluwa ay higit na pinagpala ng Kaniyang dakilang Presensiya. At ngayon, ngayong gabi, tayo ay mayroong isang...hinggil sa paksa tungkol sa: *Ang Puwang Sa Pagitan Ng Pitong Kapanahunan Ng Iglesya At Ng Pitong Tatak.*

² At nakikipag-usap lang ako, kaninang hapon, sa isang kaibigan. At marahil, sa kalooban ng Panginoon, minsan nitong tag-araw, kung hindi pa Niya ako Iuuwi, o—o, ako ay makababalik pa, hindi tutungo sa ibayong dagat o anong bagay, nais kong talakaying muli ang pitong huling mga Trumpeta, kita n’yo. At itong lahat ay sama-samang magkakadugtong. At—at pagkatapos naririyang ang pitong huling mga Salot dito. At itong lahat ay sama-samang magkakatugma mismo, na makikita natin sa ating pagpapatuloy.

³ Kaya, sa gabing ito, habang tayo ay medyo nagiging tahimik...Ako marahil ay may katagalan lamang ng kaunti sa gabing ito. Maging sa...Sa sandaling ako ay makabalik dito, ngayon...Lahat ng pangangaral na ginawa ko sa Phoenix, ni minsan ay hindi man lang ako namaos, kita n’yo. Iya’y tama. At, oh, naku, matindi ang aking pangangaral! At para sa, naniniwala ako, iyon ay dalawampu’t pitong mga gawain, na hindi man lang ako namaos. Ngunit ito’y ang klima rito, kita n’yo. Lamang ay, ito’y sadyang hindi maganda rito, isa lamang lambak. Sadyang hindi maganda ang kalagayan dito, at, ng malusog, alam n’yo, kung anong ibig kong sabihin, ito’y— ito’y—ito’y hindi maganda. At sinumang mangangaral ay mayroon isang...na nagsasalita, ay may malalang lalamunan, sa pasimula pa.

⁴ Isang—isang kaibigan kong doktor ang tumingin sa lalamunan ko, minsan, upang makita kung ano ang problema. Sabi, “Wala.” Sabi, “Mayroon ka lamang pangangapal diyan sa lalamunan mo.” Sabi, “Iya’y mula sa pangangaral.” Buweno, ako—ako—tila gusto ko iyan, alam n’yo. Nagpabuti iyan sa

pakiramdam ko, hangga't ito ay magagamit sa pangangaral, kita n'yo. Ito ay magiging mabuti, para sa Kaharian ng Diyos.

⁵ Ngayon, maaaring hindi natin kayang tiisin sa ating katawan ang marka ni Je—. . . ni Jesus Cristo, gaya ng ginawa ni Pablo, mula sa pagkakapalo. Datapuwa't maari nating tiisin ang ating marka mula sa pangangaral at pagbibigay ng ating tinig laban sa mga bagay na mali. Kaya, tayo'y nagpapasalamat na hindi na tayo kinakailangan pang paluin, lalo na sa panahong ito. Kaya tayo—tayo ay. . .

⁶ Ilan dito ang nakabasa na ng *Anong Oras Na Ba Mga Ginoo?* O, napakinggan ito, alam n'yo, *Anong Oras Na Ba Mga Ginoo?* Iya'y gumambala sa akin ng kaunti. Kung hindi n'yo pa ito naririnig, ay nais kong, sa ibang paraan, kung magagawa ninyong pakinggan ito, o sa ibang paraan. Tila binabagabag ako. Nais ko lamang talakayin ito bago pasimulan ang gawain. Mga—mga sanlinggo o sampung araw na ang nakalilipas, labis akong nagambala. Ako'y sadyang. . . Ako—ako—ako'y sadyang hindi, hindi ako tumanggap ng mga gawain o anumang bagay, dahil ako—hindi ko alam ito. Para bang ito ay maaaring isang bagay na masama, at sadyang hindi ko alam kung ano iyon. Kaya ako'y. . .

⁷ Isang maagang umaga, bumangon ako, upang pumunta paakyat sa Sabino Canyon. Na, mula sa bahay, ay halos mga tatlung-pung-minuto lamang na pagmamaneho hanggang sa. . . o apatnapu, hanggang sa taluktok ng Sabino Canyon, pagkatapos may isang daan na tuloy-tuloy mga tatlung-pung milya paakyat sa bundok.

⁸ Kakaibang lugar, sa dako roon. Maaari akong maparito sa disyerto, kung saan ito'y walumpu at siyamnapu, mismo ngayon, at sa loob ng tatlung-pung minuto ay mapasa walong talampakan ng yelo, kita n'yo, sa ituktok ng bundok. Nanggaling kami sa Phoenix, kailan lang, kung saan ito'y mga dalawampu mahigit, dalawampu't walong antas. Pinainit nila ang swimming pool, at nagsisipaglangoy ang mga tao. At halos apatnapung-minutong pagmamaneho mula roon, ito'y apatnapu sa ilalim ng sero, doon sa Flagstaff. Kita n'yo? Iyan ang kaibahan mula sa mataas na mga dako at sa disyerto. At napakaganda nito sa mga hikain, at iba pa.

⁹ Pero, ngayon, umakyat ako sa canyon, at umakyat ako na kasing taas ng aking makakaya. At ako—ako—nagtanong ako sa Panginoon, habang nakaupo sa itaas roon, ano kaya ang ibig sabihin ng lahat ng ito, at ng iba pa. Ako ay medyo naguluhan, at hindi malaman kung ano lamang ang gagawin.

¹⁰ At kaya habang nananalangin ako; may isang kakatwang bagay na naganap. Ako—ako—nais kong maging tapat. Ngayon, maaaring ako ay naidlip. Maaring ito ay gaya ng isang nawalan ng ulirat, o maaaring ito ay isang—isang—isang pangitain. Humigit kumulang kong pina-paniwalaan na ito ay isang

pangitain. Na, nakataas ang aking mga kamay, nagsasabing, “Panginoon, ano ang ibig sabihin ng pagsabog na ito? At ano ang pitong Anghel na ito na nasa pagkakahanay ng—ng piramide, ako pumaitaas mula sa lupa at bumabaling pasilangan, ano ang ibig sabihin nito?”

11 Nakatayo ako roon, na nananalangin, at may bagay na nangyari. At, ngayon, may bagay na napasa aking kamay. At alam kong, kung hindi ninyo nauunawaan ang mga bagay na espirituwal, maaaring ito ay maging labis na kakaiba. Subalit may bagay na napasa aking kamay. At, ng tingnan ko, ito ay isang tabak. At ang hawakan ay gawa sa perlas, ang pinaka magandang perlas na nakita ko. At ang—ang pangdepensa, alam n’yo, kung saan . . . Palagay ko ito’y upang maiwasang mahiwa ang inyong mga kamay, alam n’yo, habang kayo’y . . . ang—ang mga tao ay nagduduwelo; ay ginto. At ang sableng talim nito ay hindi gaanong kahabaan, ngunit ito ay sadyang napakatalim; at ito ay nagniningning na pilak. At ito ang pinakamagandang bagay na nakita ko. Ito’y sadyang eksaktong lumapat sa aking kamay. At hawak ko ito. Sabi ko, “Hindi ba’t napakaganda nito!” Tingnan ko ito. At naisip kong, “Subali’t, alam n’yo, laging takot sa isang tabak.” Ako’y medyo nagagalak na ako ay nabuhay malayo sa mga araw na ginamit nila ang mga iyon, sapagka’t ako—ako’y takot sa isang kutsilyo. At kaya aking—aking naisip, “Anong gagawin ko sa bagay na yan?”

12 At habang tangan, sa aking kamay, isang Tinig mula kung saan ay nagsabi, “Iyan ay ang tabak ng Hari.” At pagkatapos nilisan ako nito.

13 Buweno, ako—ako ay nagtaka kung ano ang ibig sabihin nito, “Iyan ay ang tabak ng Hari.” At naisip ko, “Kung ang pagkasabi sana Nito ay, ‘*isang* tabak ng hari,’ baka sakali na naintindihan ko pa ito. Ngunit ang pagkakasabi Nito ay, ‘*ang* tabak ng Hari.’” Kaya maaring magkamali ako rito, datapuwa’t naisip ko, “Mayroon lamang Isang, *ang* Hari, iya’y ang Diyos. At ang Kaniyang tabak ay *Ito*, ‘Matalas pa kaysa tabak na dalawa ang talim,’ kita n’yo. ‘At manatili kayo sa Akin, at ang Aking mga Salita . . .’” Kita n’yo? At aking—naisip ko . . .

14 Sa pagduduwelo, nakita n’yo, at ayon sa aking nauuna- . . . Hindi ko nauunawaan isa mang salita nito, subali’t, o isang alintuntunin ng pagduduwelo. Ngunit, sa abot ng aking nauunawaan, ang pagtatama ng talim. At pagkatapos, sa kahuli-huliha’y, ang—ang mga tabak, kung ang mga ito ay nagkawing, ang sa kalaban at ang sa iyo ay nagkawing ang mga tabak, gaya *nito*, pagkatapos ay kailangan ang lakas ng lalaking nakikipagduwelo. Sapagka’t, kita n’yo, ang kaniyang tabak ay maaaring nakatapat sa aking puso, at ang akin naman ay sa kaniya, ngunit ang mga ito ay nagkawing, habang nagkakatamaan ang aming mga talim sa bawat isa. At

pagkatapos magtatagaan sila, at pagkatapos ay magdidikit ang mga tabak. At ang isa na maitutulak ang isa pababa, ang tabak ay deretso sa puso. Kaya ito'y kinakailangang . . .

¹⁵ Bagama't ang tabak ay ang Salita, nangangailangan ito ng kamay na malakas ang pananampalataya upang tanganan Ito roon, upang dalhin Ito sa puso ng kaaway. Ngayon, hindi nalalaman ang mga bagay na ito, ngunit sadyang . . . Ang lahat na aking natanggap sa Kaniya, na maaari kong sabihin, ay nasabi ko na sa inyo. Kaya, iyan, alam n'yo, naniniwala akong iyon ay . . . Hindi ba't ang Panginoon natin yaong nagsabi, ang lahat ng Kaniyang tinanggap sa Ama, na Kaniyang sinabi, at walang ipinagkait? At—at kaya nais nating gawin ang mga bagay na iyon na sadyang dumarating. Ngayon, kung kayo'y magiging tunay na marunong, at mananalangin, tiyak akong may mauunawaan kayong bagay hindi magtatagal, ngayon, bagay na inaasahan ko ay nahayag.

¹⁶ Ngayon, sa Aklat na ito, dumako tayong lahat ngayon sa—sa ika-5 kabanata ng Aklat na tinawag na Ang Apocalipsis ni Jesus Cristo.

¹⁷ Ngayon, bukas ng gabi ay ang Unang Tatak. Kung saan, ang unang apat na Tatak ay binuksan, sa pamamagitan ng apat na mangangabayo, isa sa bawa't Tatak na tumama sa lupa. At pagkatapos, marahil ay, hindi magtatagal ang mga ito, hanggang matapos tayong lumampas mga hanggang sa . . . Lunes, Martes, Miyerkules, mga Huwebes. At pagkatapos, sa palagay ko, sa Ika-anim . . . at Ikalima, Ika-anim, at Ikapitong Tatak, ay malamang maging napakahaba. Kaya, marahil ito'y makapagbibigay para sa inyo ng kaunting panahon para makakuha ng kaunting pahinga.

¹⁸ Gusto nating pasimulan ang mga gawain dito, sa palagay ko, sa ganap na ika-pito, sa mga gabi ng sanlinggo. At ako ay mapapasa entablado sa ganap na ika-pito't kalahati, eksakto. At pagkatapos iyan ay maaaring makakalabas tayo ng hatinggabi. Kaya—kaya, ako—ako ay lumampas ng isang oras, kaninang umaga. Hindi ko sinasadya iyan, ako'y sadyang . . . Hindi ko alam kung kailan.

¹⁹ Dahil, hindi ko alam kung ano nga ang unang mangangabayo. Hindi ko alam ang Ikalawa, Ikatlo, Ikaapat, Ikalima, Ikaanim, o Ikapitong Tatak. Ako, sa sandaling ito, hindi ko alam. Kita n'yo? Ako'y umaasa lamang sa Kaniya. Kaya iyan kung bakit, pinagsisikapan sa sanlinggong ito, sa tulong ng biyaya ng Diyos, pinaniniwalaan na, kung nauunawaan ninyo ito ng husto . . .

²⁰ Alam n'yo, sa mga pangitain, hindi ninyo maihahayag ang mga bagay hangga't sa kayo'y pinahintulutan na kayo magpahayag. Ilang ulit n'yo na ba akong narinig na nagsabing, “Pumaroon sa isang bahay, marahil may isang sumbrero na

nakalapag *dito*. At ang batang ito, o iba pa, ay hindi gagaling liban na iyan ay nakalagay *rito*.” Hindi ko masasabi sa kanila, o kaya ay mailipat ko ito roon. Ito’y kinakailangan na, mailipat, sa anumang paraan. Mayroon dapat na kumuha nito at ilipat ito. At, ang lahat ng bagay ay nasa kaayusan, pagkatapos ito ay maihahayag.

²¹ Kaya ngayon mapasa pananalangin. Ngayon, bago tayo dumako sa Aklat, makipag-usap tayo sa Kaniya, na nakayuko ang ating mga ulo.

²² Panginoong Jesus, kaming lahat ay walang kakayahan. Hindi namin pipilitin, sa anumang paraan, na dumako sa sagradong Aklat na ito, sa pinakabanal na sandaling ito na kung saan ang mga kaluluwa’y nakabitin sa tadhana ng panahon, na walang pagtatanong, Panginoon, na, ang tanging Isa na makapagpapahayag ng Aklat na ito, na Siya ay pumarito ngayon, na pagpalain ang munting mga pagsisikap ng Iyong lingkod. Pagpalain ang Salita habang Ito ay lumalabas. Nawa ay maibigay Ito sa kapangyarihan ng Espiritu. At nawa ang espirituwal na lupa ng mga . . . ng mga nangagugutom at nangauhaw na malaman ang katuwiran at malaman ang kalooban ng Diyos, nawa ay maihasik Ito roon at magbunga ng ayon sa Kaniyang uri. Ipahintulot ito, Panginoon. Ang lahat ng kapurihan ay sa Iyo. Nawa ang nagugutom at ang nauuhaw ay makasumpong ng pagkain at inumin, sa gabing ito, mula sa Salita. Hinihiling namin ito sa Ngalan ni Jesus, kung Kanino ang kapahayagan ay ukol. Amen.

²³ Ngayon, darako tayo ngayon sa ika-5 kabanata. Ngayon, hindi pa ito ang Pitong Tatak. Ito ay ang puwang sa pagitan ng mga kapanahunan ng iglesya at ng Pitong Tatak. Ngayon, mayroon ding ika-6 na kabanata ng . . .

²⁴ At mayroong ika-4 na kabanata, pala, ng Apocalipsis, at, diyan ay, tila ito ay may inihayag na bagay na magaganap pagkatapos na ang Iglesya ay pumaitaas. Na, ang Iglesya ay pumaitaas sa ika-3 kabanata ng Apocalipsis, at hindi babalik hanggang sa ika-19 na kabanata ng Apocalipsis. Kita n’yo? Kung kaya, hindi mararanasan ng Iglesya ang Kapighatian. Alam kong iya’y salungat sa—sa halos lahat ng guro na nakausap ko. Subali’t ako—ako—hindi ko layunin na maging salungat. Ako—ibig ko na maging inyong kapatid, ngunit ako—kailangan kong maituro lamang sa paraan na nakikita ko Ito. Kung hindi ako, hindi ko mapagtutugma lahat, kita n’yo. At ngayon, kung Ito man ay pumaitaas bago ang Kapighatian o pagkatapos ng Kapighatian, ibig kong pumaitaas kasama Nito. Iyan ang pangunahing bagay.

²⁵ Kaya, ang mga bagay na iyon tayo—tayo ay nagbabaka sakali lang, dahil sa, walang edukasyon, itinitipo ko. Titingnan ko at aalamin kung ano, o buhat sa Lumang Tipan, kung saan ito ay

isang tipo o isang anino ng Bago, sa gayon mayroon akong ilang kaisipan kung ano nga ang Bago. Kita n'yo? Gaya ng kung . . . Si Noe ay pumasok sa daong bago magsimula ang kapighatian, isang tipo; ngunit bago pa man si Noe, kita n'yo, pumasok sa daong, si Enoc ay pumaitaas, kita n'yo, bago nangyari ang anumang bagay. At si Lot ay tinawag palabas sa Sodoma bago nagkaroon ng isang batik ng kapighatian, ng pagkasira; ngunit si Abraham ay, sa lahat ng panahon, ay wala roon. Kita n'yo, mga tipo.

²⁶ Subali't ngayon babasahin natin ang unang talata. Babasahin ko ang unang dalawa o tatlong mga talata Nito.

At nakita ko sa kanang kamay niyaong nakaupo sa luklukan ang isang aklat na may sulat sa loob at sa labas, na tinataakang mahigpit ng pitong tatak.

At nakakita ako ng isang malakas na anghel na nagtatanyag ng malakas na tinig, Sinong karapat-dapat magbukas ng aklat, at magtanggap ng mga tatak nito?

At sinoman sa langit, o sa ibabaw man ng lupa, o sa ilalim man—sa ilalim man ng lupa, ay hindi makapagbubukas ng aklat, o makatingin man Dito. (Anong Aklat!)

At ako'y umiyak ng mainam, sapagka't hindi nakasumpong ng sinomang marapat magbukas at magbasa ng aklat, o makatingin man.

²⁷ Ngayon, kayo ay mangusap tungkol sa hindi pagiging karapat-dapat? “Ni hindi karapat-dapat na tumingin man lamang Dito; walang sinumang tao, kahit saan.”

At sinabi sa akin ng isa sa matatanda, Huwag kang umiyak: narito, ang Leon sa angkan ni Juda, ang Ugat ni David, ay nagtagumpay upang magbukas ng aklat, at upang magkalag ng pitong tatak nito.

At nakita ko, at, narito, sa gitna ng luklukan at ng apat na nilalang na buhay, . . . sa gitna ng matatanda, ang isang Cordero na nakatayo na wari ay pinatay, na may pitong sungay at pitong mata, na siyang pitong Espiritu ng Dios na sinugo sa buong lupa.

At siya'y lumapit at kinuha ang aklat sa kanang kamay niyaong nakaupo sa luklukan.

²⁸ Hihinto tayo riyang sa loob ng ilang sandali, mula sa pagbabasa ng Apocalipsis 5, kasama ang talata ika-7.

²⁹ Itong Aklat na may Pitong Tatak ay nahayag sa panahon ng Pitong Kulog ng Apocalipsis 10, ngayon, kung minamarkahan ninyo ito. Dumako tayo sa Apocalipsis 10, sa ilang sandali lamang, upang makakuha kayo ng pang-unawa bago natin talakayin ito. Ngayon, ito ay sa huling panahon. Dahil, makinig:

. . . At nakita ko ang ibang malakas na anghel na nanaog na mula sa langit, na nabibihisan ng isang alapaap: at ang bahaghari ay . . . nasa kaniyang ulo, . . .

³⁰ Kung napansin ninyo, iya'y si Cristo, kita n'yo. Pagka't, Siya, sa Lumang Tipan, ay tinawag na Anghel ng Tipan. At Siya ay tuwirang paparating sa mga Hudyo ngayon, sapagka't ang Iglesya ay tapos na. Kita n'yo? Mabuti.

. . . at ang kaniyang mukha . . . ay gaya ng araw, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng mga haliging apoy:

³¹ Natatandaan n'yo ba ang Anghel na yaon sa Apocalipsis 1? Parehong bagay. Ang *Anghel* ay isang "sugo." At Siya ang Sugo sa Israel. Kita n'yo? Ang Iglesya ay inagaw na, kita n'yo, ngayon, o nahahandang agawin. Siya ay paparating para sa Kaniyang Iglesya. Ngayon masdan.

At may isang maliit na aklat na bukas sa kaniyang kamay: . . .

³² Ngayon, *dito*, Ito'y nakasara rito at natatakan; at *dito* Ito'y nakabukas. Ito'y binuksan na. Magmula sa panahong iyan ng pagtatatak, tayo'y darako rito ngayong gabi, ngayon ang Aklat ay nakabukas. "Isang maliit na Aklat sa Kaniyang kamay, sa Kaniyang . . . Ito ay bukas. Oh, kung paanong ang araw, gaya ng mga haliging . . ." Maghintay lang ng ilang sandali. Hayaan akong magsimula rito at basahin.

At may isang maliit na aklat na bukas sa kaniyang kamay: at kaniyang itinungtong ang kaniyang kanang paa sa dagat, at ang kaniyang kaliwa ay sa lupa,

At sumigaw siya ng may malakas na tinig, na gaya ng leon na umuungal: . . .

³³ Nalalaman nating Siya ang Leon sa angkan ni Juda. Sa dako *rito* Siya ay Cordero; datapuwa't *dito* Siya'y ang Leon. Kita n'yo?

. . . at pagkasigaw niya, ang pitong kulog ay umugong.

³⁴ Ngayon, si Juan ay inatasan na isulat kung ano ang kaniyang nakita, kaya ang apostol, at propeta, ay kinuha ang kaniyang panulat upang isulat Ito.

At pagkaugong ng pitong kulog, ay isusulat ko sana: at narinig ko ang isang tinig na mula sa langit na nagsasabi sa akin, Tatakan mo ang mga bagay na yaon na sinalita ng pitong kulog, at huwag mong isulat.

³⁵ Ngayon, iyan ang hindi natin alam. Iya'y kinakailangan pang ihayag. Ito'y wala sa Banal na Kasulatan, kung ano ang sinabi niyaong mga Kulog.

At ang anghel na aking nakita na nakatayo sa ibabaw ng dagat at sa ibabaw ng lupa ay itinaas ang kaniyang mga kamay sa langit, (ngayon makinig)

At ipinanumpa yaong nabubuhay magpakailan kailan man, na lumalang ng langit, at ng mga bagay na naroroon, at ng lupa, at ng mga bagay . . . na naririto, at . . . na hindi na magluluwat ang panahon:

36 Masdan! Narito ang isang talata na nais kong kunin.

Kundi sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel, pagka siya ay nagpasimula ng humihip, ganap na ang hiwaga ng Diyos, tulad ng kaniyang pagsasaysay sa kaniyang mga alipin na mga propeta.

37 Ngayon, kita n'yo, ang hiwaga ng Aklat na may Pitong-Tatak ay mahahayag sa pag-ihip ng Mensahe ng ikapitong anghel ng iglesya. Kita n'yo? "Ang ikapitong anghel ay nagpasimulang humihip," at naroon ang mga Mensahe na naisulat doon, at mayroon tayo Nito sa teyp at anyong aklat. Ngayon, "Sa pasimula ng pag-ihip ng Mensahe, ang hiwaga ng Diyos ay ganap na, kita n'yo, sa panahong iyon." Ngayon mapapansin natin. Ang Aklat, ng hiwaga ng Diyos, ay hindi hayag hanggang sa humihip na ang Mensahe ng ikapitong anghel.

38 Ngayon, ang mga puntos na ito ay mahalaga sa mga Tatak, tiyak ako, 'pagka't kinakailangan Ito, bawat bagay, ay magkakaugnay.

39 Ngayon, mahiwaga ang pagkakasulat Nito, sapagka't walang sinuman, kahit saan, ang nakakaalam Nito. Tanging ang Diyos lamang, si Jesus Cristo, kita n'yo. Ngayon, subali't ay . . . Ito ay isang Aklat, isang mahiwagang Aklat. Ito'y ang Aklat ng Katubusan. Dadako tayo rian, sa ilang sandali. At ngayon alam natin na ang Aklat na ito ng Katubusan ay hindi lubusang nauunawaan; Ito'y sinuri ng mabuti, sa loob ng anim na kapanahunan ng iglesya. Ngunit sa dakong huli, kapag ang ikapitong anghel ay nagpasimula nang humihip ng kaniyang hiwaga, ay titipunin niya ang lahat ng mga hindi nahayag na sinuri ng mabuti ng mga taong ito. At ang mga hiwaga ay bumababa mula sa Diyos, bilang ang Salita ng Diyos, at inihahayag ang buong kapahayagan ng Diyos, kung gayon ang Pagka-Diyos at lahat ng bagay ay naisaayos. Ang lahat ng mga hiwaga, ang binhi ng serpiyente, at anupaman, ay ihahayag.

40 Ngayon, kita n'yo, hindi ko gawagawa lamang iyan. Iya'y kung ano . . . Ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Babasahin ko Ito sa inyo mula sa Aklat, "Sa pag-ihip ng Mensahe ng ikapitong anghel, ang hiwaga ng Diyos ay ganap na, iyan ay inihayag ng Kaniyang mga banal na propeta," iyan ang mga propeta na nangagsisulat ng Salita. Sa pag-ihip, ng ikapitong kapanahunan ng iglesya, ang huling kapanahunan ng iglesya, ang lahat ng mga hindi nahayag, na sa loob ng mga kapanahunan ng iglesyang ito ay sinuri ng mabuti, ay matitipon ng sama-sama.

41 At nang ang mga Tatak ay nabuksan, at ang hiwaga ay nahayag, heto ang Anghel na bumababa, ang Sugo, si Cristo, na itinutuntong ang Kaniyang paa sa ibabaw ng lupa at sa ibabaw ng dagat, na may bahaghari sa Kaniyang uluhan. Ngayon, tandaan, ang ikapitong anghel na ito ay nasa lupa sa panahon ng Pagdating na ito.

42 Tulad lamang ni Juan habang ipinangangaral ang kaniyang mensahe, sa gayon ding panahon nang ang Mesiyas ay dumating sa mga araw na iyon. Alam ni Juan na makikita niya Siya, sapagka't siya ang magpapakilala sa Kaniya.

43 At ating napapagtanto na, sa mga Kasulatan, doon sa Malakias 4, magkakaroon ng isang kagaya ni Juan, isang—isang Elias na kung kanino ang Salita ng Diyos ay maaring dumating. At kaniyang ihahayag, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ang lahat ng mga hiwaga ng Diyos, at ipanunumbalik ang Pananampalataya ng mga anak tungo sa pananampalataya ng apostolikong mga ama, ipanunumbalik ang lahat ng mga hiwagang ito na pinag-aralan ng mabuti, sa loob ng mga panahon ng mga denominasyon na ito. Ngayon, iyan ang sinabi ng Salita. Ako'y may pananagutan lamang sa kung anong sinabi Nito. Kita n'yo? Ito'y, pagkakasulat Nito, ay tama. Iyan nga kung ano Ito.

44 Ngayon, makikita natin na ang Aklat na ito na may Pitong Tatak, ngayon, ay ang hiwaga ng katubusan. Ito' isang Aklat ng Katubusan, na mula sa Diyos.

45 Ngayon, ang lahat ng mga hiwaga, sa panahong ito, ay dapat matapos sa pag-hip ng mensaherong ito. Ngayon, *narito* ang anghel sa lupa; at “ang ibang” Anghel, ang malakas na Sugo, na bumaba. Kita n'yo, ang anghel na *ito* ay isang makalupa na anghel, sugo; subali't *narito* ang Isang bumababa mula sa Langit, isang bahagharing tipan, kita n'yo, ito'y maaaring si Cristo lamang.

46 Katulad na katulad lamang doon sa Apocalipsis, sa unang kabanata, “Na nakatayo sa gitna ng Pitong Kandelrong Ginto, na may bahaghari, na kung pagmamasdan ay gaya ng jasper at mga batong sardius.”

47 At dito Siya ay bumalik, sa ika-10 kabanata, pagkatapos ng panahon ng pagparito na ang lahat ng mga hiwaga ay magaganap at ang mga Tatak ay mabubuksan, at ipahahayag na ito'y, “Ang panahon ay tapos na.” At sinabi Niya, “Kapag nagsimula nang umihip ang ikapitong anghel, kung gayon ang hiwaga ay ganap na, at panahon na para sa Anghel upang magpakita.” Nalalapit na tayo, kung saan. Tama. Ngayon pansinin.

48 Ang Pitong Tatak ang humahawak sa hiwaga ng Aklat. Hanggang sa makita natin kung ano ang natatakan ng Pitong Tatak na iyon, tayo ay nagpapalagay lamang sa mga bagay na

iyon. Sapagka't, gaya ng sinabi ko sa inyo, kaninang umaga, doon sa munti kong Mensahe kaninang umaga, sa Diyos na nagkukubli sa kasimplehan. Kita n'yo, tayo—tayo ay . . . Tiyak na hindi natin makikita ang bagay na iyon maliban na Ito ay ganap, tunay na inihayag ng Banal na Espiritu, at pinatunayan ng gayon. Kita n'yo? Kung ang propeta ay tumindig at sabihin sa inyo na Ito ay 'Yan lang, at ang Diyos ay hindi patunayan ang gayon ding bagay, kalimutan ito. Kita n'yo? Sapagka't ang Diyos, sa bawat kataga, sa lahat ng bagay, ay dapat na patunayan Ito, upang gawin Itong tama. Kita n'yo? Kaya, ang Kaniyang mga anak ay mamatyagan ang mga bagay na iyon, kita n'yo, at maging listo, pansinin.

⁴⁹ Pitong Tatak sa Aklat, ay may . . . Ang Pitong Tatak na ito ang nagtatak sa Aklat. Kita n'yo? Ang Aklat ay ganap na natatakan. Nakikita n'yo ba ito? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Ang Aklat ay isang ganap na natataakang Aklat hanggang sa ang Pitong Tatak ay nabuksan. Ito ay natatakan ng Pitong Tatak. Ngayon, 'yan ay iba mula sa Pitong Kulog. Kita n'yo? Ito ay Pitong Tatak na nasa Aklat. At ang Aklat ay hindi, ang mga Tatak ay hindi pawawalan hanggang sa Mensahe ng ikapitong anghel. Kita n'yo? Kaya tayo—tayo ay nagpapalagay; datapuwa't ang tunay na kapahayagan ng Diyos ay mapapagiging sakdal sa pag-hip na iyon, pinatunayang Katotohanan. Ngayon, iyan ang eksaktong pagkakasabi ng Salita, "Ang hiwaga ay ganap na sa panahon na iyon."

⁵⁰ At ang Aklat na ito na may Pitong Tatak, tandaan, Ito ay nakasara rito, sa ika-5 kabanata ng Apocalipsis, at sa ika-10 kabanata ng Apocalipsis Ito ay nakabukas na.

⁵¹ At ngayon makikita natin kung ano ang sinasabi ng Aklat tungkol sa kung papaano Ito naging bukas. At ito ay hindi inihayag hanggang sa kunin ng Cordero ang Aklat, at inalis ang mga Tatak, at buksan ang Aklat. Kita n'yo? Kailangang kunin ng Cordero ang Aklat.

⁵² Ito'y natago. Ngayon tandaan, "Walang sinuman sa Langit, walang sinuman sa lupa," ang papa, obispo, kardinal, pambansang presbiter, o sino man siya, "ang maaring mag-alis sa mga Tatak na ito, o ipahayag man ang Aklat, kundi ang Cordero." At sinuri nating mabuti, at nagsipagbigay ng palagay, at nangatisod, at nagtaka, at—at iyan ang dahilan kung bakit tayong lahat ay nasa gayong kalituhan.

⁵³ Ngunit taglay ang Makalangit na pangako na itong Aklat ng Katubusan ay ganap na bubuksan ng Cordero, at ang mga Tatak nito ay kakalagin ng Cordero, sa mga huling araw na kung saan ating kinabubuhayan ngayon. At ito ay hindi mahahayag hanggang sa kunin ng Cordero ang Aklat at alisin ang mga Tatak. Sapagka't, tandaan, ang Aklat ay tangan sa mga kamay Niyaong nakaluklok sa Trono. "At ang Cordero'y pumaroon sa

Kaniya na nakaluklok sa Trono, at kinuha ang Aklat mula sa Kaniyang kanang kamay.” Kinuha ang Aklat! Oh, iya’y malalim. Sisikapin nating lutasin ito kung magagawa natin, sa tulong ng Banal na Espiritu. Ngayon umaasa tayo sa Kaniya. At titingnan natin, mamaya, ito ay sa huling panahon, “Kapag ang panahon ay ganap na.”

⁵⁴ Walang denominasyon ang may karapatan sa pagpapaliwanag ng Aklat. Sino man ay walang karapatang magpaliwanag Nito. Ito’y ang Cordero na Siyang magpapaliwanag Nito. At ang Cordero ang tanging Isa Na nangusap Nito, at ang Cordero ang gumawa upang makilala ang Salita, sa pamamagitan ng pagpapatunay at pagbibigay ng Buhay sa Salita. Kita n’yo? Eksakto! Pansinin. At hindi nahayag hanggang . . .

⁵⁵ Ang Aklat na ito ay hindi nahayag hanggang sa ang mga kapanahunan ng iglesya at mga panahon ng mga denominasyon ay natapos na, “at wala nang panahon pa.” Kita n’yo ba? Ito’y inihayag lamang pagkatapos ng mga kapanahunan ng iglesya at kapanahunang denominasyonal ay natapos na.

⁵⁶ Iyan ang dahilan na ang bagay ay nasa gayong pag-aalangan ngayong gabi. Kita n’yo, sila’y pupulot ng isang munting doktrina, at pupunta sila *rito* sa isang panig, at sasabihing, “Ito na Iyon!” Ang iba naman ay pipili rin ng ibang doktrina, pupunta rin sa gawing *ito*, at sabi, “Ito na Iyon!” At ang bawat isa ay magtatayo ng isang denominasyon sa ilalim nito, hanggang sa tayo ay magkaroon ng daan-daang mga denominasyon. Nguni’t gayon pa rin, sa lahat ng ito, ang makikita ay ang kaguluhan, ang mga tao’y nalilito, “Ano ang Katotohanan?” Kung hindi ’yan ang sadyang kalagayan ngayon!

⁵⁷ Ngunit gayon man Siya ay nangako, na, “Kapag ang panahong iyan ay ganap na, ay magkakaroon ng pag-ihip ang tinig ng ikapitong anghel, at pagkatapos ang Aklat ay mahahayag, kita n’yo, sa panahong iyan.”

⁵⁸ Ngayon, huwag sabihin, walang sinuman, “Yaong mga tao ay hindi naligtas sa mga panahon na iyon.”

⁵⁹ Ngunit, ang mga hiwaga, na hindi nila maunawaan! Papaanong ang Diyos ay magiging tatlo at, gayunma’y, Isa! Papaanong ang Kasulatan ay magsasabi, “Magbautismo sa Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo,” at pipihit at sasabihing, “Magbautismo sa Pangalan ni Jesus.” Kita n’yo? Oh, napakaraming mga bagay! Papaanong si Eva kumain ng mansanas at naging sanhi ng ito ng—ng pagkasira ng buong mundo? Kita n’yo? Papaano mangyayari ang mga bagay na ito? Ngunit ang mga hiwagang ’yon ay ipinangako na ihahayag sa huling panahon.

⁶⁰ Ito’y mumunting, mga hindi nahayag hindi. . . Itong mga dakilang mandirigma ay nagsidating sa eksena, gaya ni Ereneo,

at Martin, si San Martin, at Policarpio, at ang iba, at si Luther, at Wesley, at ang lahat ng mga ito. Kita n'yo? Kung papaano sila nagsidating at sadyang nabuhay ng matagal upang—upang maghatid ng isang liwanag at magningning ito, ngunit nag-iwan sila ng maraming mga bagay sa—sa kadiliman. Pagkatapos dumating ang Panahon ng Pentekostal, gaya ng Panahon ng Lutheran, at nagsipagsanga sila. Ngunit gayunman, mabuti, huwag sabihing hindi sila tama. Tama sila. Ngunit may mga naiwang hindi nahayag, na hindi maipaliwanag. Ngunit gayunman sa . . . Bakit? Ang mga Tatak hindi pa nasira, upang lubusang ihayag kung ano ang mga bagay na ito. Kita n'yo?

⁶¹ Ngunit gayon man, sa huling kapanahunan, ang lahat ng mga hiwagang ito ay malulutas at ipagkakaloob. At ang mga Tatak ay bubuksan ng Cordero, at ihahayag sa Iglesia, at pagkatapos na ang panahon ay ganap na. Kita n'yo? Gaano kahanga-hanga! Pagkatapos, ang Aklat, kung gayon, ay isang Aklat ng Katubusan. Sapagka't, pagkatapos nagpatuloy Ito . . .

⁶² At ipapasok natin, mamaya, kung papaanong ang isang daan at apatnaput-apat na libo ay napasok, at iba pa. Mabuti. Iyan ay mga Hudyo.

⁶³ Ngayon, ngayon, si Pablo. Bumasa tayo ng kaunti pa. Mayroon akong ilan mga Kasulatang, at sa palagay ko'y dapat—natin na basahin Yaon. Ngayon buklatin nating lahat; kay Pablo, sa Efeso 1.

⁶⁴ Karamihan sa kanila ay nakikita kong nagsusulat. Kinuha nila ang kanilang mga aklat at isinusulat ang mga Kasulatan, minamarkahan ang mga ito sa kanilang Biblia, para sa pagkakasunod-sunod. Kaya, iya'y—iya'y mainam. Nais ko para sa inyo na gawin iyan, at pagkatapos ay umuwi at pag-aralan Ito. Kita n'yo? At—at kung pag-aaralan ninyo Ito, sa iyong sarili, kung gayon inyong—inyong mauunawaan Ito ng lalong mabuti. Kita n'yo? Pag-aralan lamang Ito, at humiling sa Diyos upang tulungan kayo na makaunawa.

⁶⁵ Ngayon bumaba tayo ng—ng Kasulatan na isinulat ko rito. Sa efeso 1:13 at 14, ngayon.

Na sa kaniya'y tayo rin naman ay nagtiwala, pagkarinig ng aral ng katotohanan, at ng evangelio ng inyong kaligtasan: na sa kaniya rin naman. . . mula ng kayo'y magsisamplataya, ay kayo'y tinatakan ng Espiritu Santo na ipinangako,

Na siyang patotoo sa ating at nagtiwala nanan hanggang sa ikatutubos ng sariling pag-aari ng Dios, sa ikapupuri ng kaniyang kaluwalhatian. Kita n'yo?

⁶⁶ Ngayon, samantalang nakabukas ang ating mga Kasulatan, tayo ay . . . Kita n'yo, ang Banal na Espiritu rito, Siya mismo, ay isang Tatak. Ang Banal na Espiritu ay isang Tatak. At ang isang

Tatak ay nangangahulugan ng (ano?) isang ganap na gawa, ang Banal na Espiritu bilang isang Tatak sa bawat isa. At sa bawat isang yaon, kapag tinanggap niya ang Banal na Espiritu, kung magkagayon ang panahon ng kaniyang paghibik ay tapos na, kita n'yo, sapagka't ito ay isang ganap na gawa.

⁶⁷ Gaya ng, dati akong nagtrabaho sa isang kompanya ng riles ng tren, at kakargahin namin ang mga sasakyan ng mga de lata at iba pang mga bagay na nagmumula sa pagawaan de lata. At, ngunit, pagkatapos, bago matatakan ang sasakyang iyan, darating ang inspektor, upang makita kung maayos ang kargamento ng sasakyan na iyan. Kung hindi, [Minsang ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang kaniyang mga kamay—Pat.] sa isang pagkakataon na ito ay bumunggo sa isang bagay, ikakalat nito ang laman at masisira ito, at— at ang kumpanya ng riles tren ang mananagot. At susuriin ng inspektor na yaon ang lahat ng bagay, upang tingnan kung nasa lugar ang pagkakasalansan. Kung wala sa ayos, tatanggihan niya ang sasakyan. Kung magkagayon kailangang ulitin naming muli ito, hanggang sa masiyahan ang inspektor. At kung ang inspektor ay nasiyahan na, isasara na niya ang pintuan. Isasara na ng inspektor ang pintuan. At ang inspektor ay maglalagay ng isang tatak sa ibabaw nito, at pagkatapos ay walang maaaring sumira sa tatak na ito hanggang sa ito ay makarating sa paroroonan nito.

⁶⁸ Ganyan ang palaging ginagawa ng Banal na Espiritu. Kita n'yo? Siya'y magtutungo at Siya'y magsisiyasat. Iyan ang dahilan na hindi ka maaring magkaroon ng mga bagay na ito at . . . Sasabihin ninyo, “Nagsalita ako sa mga wika, at sumigaw ako, at sumayaw ako sa Espiritu.” Iyan ay walang anumang kinalaman hinggil Dito. Kita n'yo? Sinisiyasat ng Banal na Espiritu ang taong iyon hanggang sa Siya ay lubusang masiyahan at nalalaman na sila ay gayon nga.

⁶⁹ Pagkatapos, sila ay tinatakan hanggang sa kanilang Walang Hanggang destinasyon. Walang sinuman ang kailanman makasisira ng Tatak na iyan. Ang Biblia . . . Isinusulat n'yo ang Kasulatan. Efeso 4:30, sabi, “Huwag ninyong pighatiin ang banal na Espiritu ng Diyos, na sa kaniya kayo'y tinatakan hanggang sa Kaarawan ng inyong Pagkatubos.” Tanganan ang salitang iyan, “pagkatubos,” kita n'yo. Hanggang sa araw na ang Aklat ng Katubusan ay mahayag, at ang Manunubus ay darating upang angkinin ang Kaniyang pag-aari! Walang makagagawa nito. Kita n'yo? “Huwag Itong pighatiin.” Manatiling . . . Gumawa ng mga bagay na nakalulugod sa Diyos, sapagka't ang Aklat ay natatakan, ngayon, at kayo ay natatakan. Ang Banal na Espiritu, Siya mismo, ay ang Tatak.

⁷⁰ Ang *Tatak* ay nangangahulugang . . . Ngayon, ito'y mga salita na nakuha ko sa diksiyunaryo. Ang *Tatak* ay nangangahulugan

ng isang “ganap na gawa.” At kapag ang Ikapitong Tatak ay binuksan na, ang hiwaga ng Diyos na natatakan sa mga mahiwagang mga Tatak na ito ay ganap na. Hanggang sa araw na ang Tatak na iyan ay mabuksan, at pagkatapos ito’y nahayag kung ano ang nasa loob Nito.

⁷¹ Kung ang tao ay nag-iisip kung ano ang nasa sasakyang iyan, sasabihing, “Mayroon dapat ng *ganito-at-ganoon*. Dapat ay mayroon.” Siya ay nag-aakala. Subali’t kapag binuksan na ang tatak, at nabuksan ang pinto, makikita natin ang loob nito kung gayon at makikita ng husto kung ano ang naroroon.

Nakita ba ninyo? At iyan ay magaganap lamang sa huling panahon.

⁷² Isang bagay pa ang isang Tatak ay nangangahulugan ng, isang “pag-aari.” Kita n’yo, ang Tatak ay may palatandaan Dito, ipinapakitang may nagmamay-ari. Kapag kayo ay binili na ng Dugo ni Jesus Cristo, at tinatakan na ng Espiritu Santo, hindi na kayo pag-aari ng sanlibutan o anumang bagay na ukol sa sanlibutan. Kayo ay pag-aari na ng Diyos.

⁷³ Isang bagay pa, ay, ang Tatak ay isang “katiyakan.” Ang ibig sabihin ng Tatak kayo ay nakatitiyak. Ngayon, kayo na hindi naniniwala sa walang Hanggang katiyakan, hindi ko alam, kita n’yo. Datapuwa’t ngayon, datapuwa’t, ang isang Tatak ay nangangahulugang katiyakan sa patutunguhan nito. Sa aba sa taong iyan na magtatangkang sumira sa Tatak na iyan! At ang Tatak ng Banal na Espiritu ay hindi maaaring masira.

⁷⁴ Narinig n’yong lahat ako na nagsabi ko na ang mga tao ay nagsabing, “Ang Diablo ang nagtulak sa akin na gawin *ito*.” Hindi, hindi, ito ginawa ng Diablo. Hindi ka lang natatakan. Pagka’t, kung ikaw ay natatakan na sa loob, siya ay natatakan na palabas. Oo. Kita n’yo? Ngayon, nagtungo ka sa kaniya. Uh-huh. Hindi siya makalalapit sa ’yo, sapagka’t ang tanging paraan upang makalapit sa ’yo ay sa pamamagitan ng gayunding paraan na ginawa ninyo. Naisin din niyang maligtas, napaging-banal, at puspos ng Espiritu Santo, kung magkagayon siya’y magiging iyong kapatid. Kaya, kita n’yo, kaya siya—hindi niya ginawa ito. Hindi, hindi. Ikaw ay nagtungo lamang sa guhit ng hangganan at bumalik, nagnanasa para sa mga bagay ng sanlibutan. Hindi ka nagtungo ng lubusan patawid sa Canaan, kita n’yo, pagtawid ng Jordan, ang kamatayan sa sarili. Kita n’yo?

⁷⁵ Ngayon pansinin, ngayon, ang Aklat na ito ay natatakan. At—at ikaw ay natatakan, kasama ng Aklat, hanggang sa Araw ng Katubusan.

⁷⁶ Muli, sa Roma 8:22 at 23. Kunin natin ’yan, at ibibigay natin ang paliwanag nito, pagkatapos sa palagay ko nating mauunawaan natin Ito ng lalong mabuti kung ang bawat isa ay babasahin Ito para sa kanilang sarili. Ibinibigay ko sa inyo ang ilang mga Kasulatan rito, kaya maari natin—maari nating

tingnan ang mga Ito, at habang ang oras ay maaga pa. Ngayon, sa 8, Roma 8:22, sa pagsisimula.

Sapagka't nalalaman natin na ang boong nilalang ay humihibik at nagdaramdam na may kahirapan na kasama natin hanggang ngayon.

At hindi lamang gayon, kundi pati naman tayo, na mayroong mga pangunahing bunga ng Espiritu, sa makatuwid baga'y tayo nama'y nangagsisihibik din sa ating sarili, sa paghihintay ng pagkukupkop, na dili iba't, ang pagtubos sa ating katawan.

77 Oh, naku! Oh, naku! Hindi ba iyan nagpadama ng mabuti sa ating mga taong may edad na? Ito'y dapat na magpadama ng mabuti, na naghihintay para sa panahong ito. Nauunawaan natin ito'y magaganap sa unang pagkabuhay na maguli. Kita n'yo? Ang kalikasan ay humihibik. Tayo ay humihibik. Lahat ng bagay ay nagsisihibik, sapagka't napagtanto natin na may bagay na hindi tama. At ang tanging paraan na kayo ay nakahihibik, at hintayin ito, ay sapagka't mayroon ng bagong Buhay na pumasok *rito*, na nangungusap tungkol sa bagong Daigdig.

78 Gaya ng aking asawa rito, hindi pa katagalan, nagtungo kami sa pamilihan. At sabi ko, "Nakakita kami ng isang kakaibang bagay; isang babae na may suot na bestida." At iyon ay kakaiba, kita n'yo. Sila, sila'y . . . Halos lahat sila ay hindi nagsusuot ng bestida, kita n'yo. At, kahit paano, sila'y makakalimutin; lumalabas sila na wala yaon. Kung kaya tayo . . . Sinasadya nilang maging makakalimutin.

79 At kaya, pagkatapos, sinabi sa akin ni Meda, sabi niya, "Bill, bakit iyan?" sabi niya.

80 "Oh," sabi ko, "ito'y espiritu lamang ng isang bansa." At sinabi ko, "Kung paroroon ka sa Germany, mayroon silang ibang espiritu. Pumaroon sa Finland, mayroon silang pambansang espiritu. Pumunta ka sa Amerika, mayroon tayong pambansang espiritu."

81 Ang ating pambansang espiritu ay pagsasaya, pagbibiro. Alam n'yo ba kung bakit? Tayo ay naitatag sa Doktrina ng mga apostol. Nakasalig tayo sa pamumuno ng mga dakilang lalaki, gaya ni Washington, Lincoln. Ngunit napalayo tayo mula sa saligan na iyan, at alam natin na natanaw natin itong dumarating. Alam natin na sa isang bomba atomika ay nakasulat doon ang ating pangalan. Alam natin na ang pagkaalipin ay naghihintay sa unahan natin. Hindi na kailangan pang linlangin ang inyong sarili.

82 Nagpapaalala ito sa akin, tulad ng ilan sa mga komedyanteng ito, na nagtungo at—at nagsisipagsaysay ng mga pagbibiro na ito, at patuloy lang, at ang mga babae ay nagpapatuloy sa mga ginagawa nila, at mga lalaki, sama-

sama. Ito ay nagpapaalala lamang sa akin sa isang batang lalaki na nagdaraan sa libingan, pasipol-sipol, sinisikap niyang papaniwalain ang kaniyang sarili na siya'y hindi takot. Tiyak, siya'y takot. Kita n'yo? Hindi niya nilililang ang sinuman. Kaya nga sila'y sumisipol. Kita n'yo? Sinisikap niyang sabihing siya'y hindi takot, datapuwa't takot siya. At iyan kung ano ang nangyayari, sa ngayon.

⁸³ Subalit, oh, anong pinagpalang pag-asa para sa mananampalataya, na itinataas ang mga kamay, sapagkat ang ating katubusan ay nalalapit na. Kapag nakikita na niya ang mga bagay na ito na nagaganap, ito'y isang dakilang panahon para sa mananampalataya.

⁸⁴ Ngayon, ang mga bagay na ito, na, ang paghibik sa ating mga katawan. Napansin na ba ninyo ang isang puno, kung papaano ito nagpupunyagi para mabuhay? Ito ay nagnanasang mabuhay. At pansinin n'yo ang isang hayop, kung papaano sa—sa kamatayan, kung papaano ito nagpupunyagi. Pansinin ninyo ang isang tao, ang lahat ng bagay, ang kalikasan ay humihibik. Tayo, sa ating mga sarili, ay nangagsisihibik. Kita n'yo? Alam nating may bagay na mali. Nakita natin, mula sa mga talatang ito, na may bagay na nawala, kapwa sa tao man at sa daigdig. Lahat ng uri ng nilalang, ay may bagay na nawala, pagkat nakita natin mula rito sa kinasihang Salita na ito'y humihibik para sa ilang kadahilanan. Kayo, hindi kayo hihibik liban na may dahilan para dito.

Gaya ng pinapangusap ko tungkol sa tinta, ito ay isang dahilan.

⁸⁵ Gayun ang paraan sa pananalangin para sa may sakit; hanggang sa matagpuan ninyo ang dahilan! Alam ko ang lunas, ngunit kailangan kong hanapin kung ano ang dahilan. Kaya nga ang mga pangitain ay kailangan at mahalaga; ihinahayag nito ang lihim ng puso, sinasabi sa tao kung saan kayo nagkamali, at kung ano ang gagawin. Kita n'yo? Kahit gaano man karami ang gamot na inyong inumin, o gaano man karaming langis ang ipinahid ninyo sa kanilang mga ulo, o gaano man kalakas ang pagsigaw sa inyo ninuman; kung may bagay na mali, siya'y mananatili roon mismo. Sabi ko “siya,” iyan ay si Satanas.

⁸⁶ Kita n'yo, ngayon, kahit na tayo ay maunlad, sa medisina, hindi pa rin natin alam ang tungkol sa mga bagay na ito. Sasabihin ninyo, “May kanser siya.” Buweno, walang anuman iyan. Iyan, iyan—iyan ay ipinangalan lamang sa kung ano ito. Ipinapangalan iyan na pang medisina, kanser. Iyan ay walang anumang bagay na kinalaman sa kung ano ito. Iyan ang pangalan na itinawag natin dito. Tinawag lamang natin ito sa pangalang, kanser. Ngunit, sa katunayan, kung ano ito, tukuyin ito, ito ay isang diablo.

⁸⁷ Ngayon, sinasabi nating “kasalanan,” Tinatawag lamang natin itong kasalanan. Tukuyin ito. Ano ba ang kasalanan? Karamihan sa mga tao ay nagsasabing, “Ang pag-inom, pangangalunya.” Hindi, hindi. Iya’y mga katangian lamang ng kasalanan. Kita n’yo? Iyan ay mga bunga ng kasalanan, kita n’yo. Ngunit ang tunay na kasalanan ay ang kawalan ng pananampalataya. Iyan ang kung saan ito’y—iyan ang kung saan ito ay pinangalanan at tinawag. Kung ikaw ay isang mananampalataya, hindi mo gagawin ang mga bagay na yaon. Datapuwa’t gaano mo man sikaping pakabanalin ang iyong sarili, at gaano mo man sikaping maging relihiyoso; kung ginagawa mo ang mga bagay na iyon, ikaw ay isang hindi mananampalataya. Iya’y Kasulatan.

⁸⁸ Ngayon, may bagay na nawala, at ito’y humihibik. Sinisikap nito na makabalik, na makabalik sa dating kalagayan.

⁸⁹ Maiisip ba ninyo iyon ang isang tao na nahuhulog mula sa lupa, pababa tungo sa isang malalim na hukay, at nagsusumikap, umaakyat, humahatak? Kinakailangan nila, sa anumang paraan, na makalabas sa hukay na ito. Wala sila sa dati nilang kalagayan. At, balisang balisa, sila’y nagsisisigaw. Ikinakapit ang kanilang mga kuko sa mga pader, lumilikha ng ingay, o gumagawa ng ibang paraan. Sila’y—sila’y humihibik dahil ibig nilang makabalik sa dati nilang kalagayan.

⁹⁰ Kaya nga ang isang tao, na dinapuan ng karamdaman, mga kirot at sakit. Dati hindi sila ganoon, ngunit sila ay humihibik. Bakit? Hindi sila wasto. May bagay na mali. At sila’y humihibik, at nagsusumikap na makabalik sa dating kalagayan ng sila’y malusog.

⁹¹ At kapag ang kalikasan at mga tao, gaya ng sinabi ng Biblia, “ay nangagsisihibik,” ipinakikita nitong may bagay, na sila ay wala sa dapat nilang kalalagayan. Sila’y nangahulog mula sa kung saan. Ngayon, hindi natin kailangan ang sinuman upang ipaliwanag iyan para sa atin. Kita n’yo? Dahil, siyempre, alam nating iyon ay Buhay na Walang Hanggan, nangahulog sila mula roon. At nawala nila ang kanilang karapatan sa Buhay na Walang Hanggan, sa pamamagitan ng pagkahulog ni Adam at ni Eva, na nahulog mula sa Buhay na Walang Hanggan, sa kamatayan, doon sa hardin ng Eden, at nagdala sa lahat ng kalikasan, sa ilalim nila, sa kamatayan.

⁹² Ang puno ay hindi namamatay, bago pa si Adam. Ang hayop ay hindi mamamatay, bago pa si Adam. At mayroon lamang isang bagay na hindi maaring mamamatay, at iyay ang Diyos, sapagka’t Siya’y Walang Hanggan. At iyan lamang ang tanging paraan upang makaiwas tayo sa pagkamatay, dapat kinakailangan nating magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan sa loob natin, upang maging mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos.

93 Ngunit kapag tayo ay namatay, gaya ng sinabi ko sa Mensahe kaninang umaga, tungkol sa kasalanan, ipinagbili natin ang ating mga pagkapanganay at tinawid ang bangin na ito. Ngayon lumampas tayo sa abot ng Diyos, sa kabilang panig na ito ng bangin. Ngayon, siyempre, nang mahulog si Adam, sa kamatayan, naghatid siya ng kamatayan sa lahat ng mga nilikha.

94 Ngayon, pinagkalooban siya ng kalayaan sa pagpili. Ito ay ipinagkaloob sa kanila na gaya rin sa natin, sa gayon upang mamili. Ngayon, si Adam at si Eva, sa pasimula, may isang punong kahoy ng tama at mali sa harapan nila, at ang punong kahoy ring iyon ay nasa harapan din ng bawat isa at—at bawat isa sa atin. Kita n'yo, hindi iyon ginawa ng Diyos para kay Adam o para kay Eva lamang. . . Sasabihin ninyong, “Buweno, kasalanan nila ito.” Hindi, hindi na ngayon ito’y hindi na. Pagkakamali na ninyo ito. Hindi na ninyo maaaring ilagay ito kay Adam ngayon. Dapat na ninyo itong ilagay sa inyong sarili, sapagka’t ang tama at ang mali ay inilagay na sa harapan ninyo. Tayo ay nasa gayun ding basihan na gaya ni Adam at Eva.

95 Ngunit, kita n'yo, kapag tayo ay tinubos na, hindi na natin ibig ang sarili nating pagpili, kundi ang nais natin ay ang Kaniyang pagpili. Kita n'yo? Kita n'yo?

96 Ngayon, sina Adam at Eva ay ninais ang sarili nilang pagpili. Nais nila upang, nais nilang malaman kung paano ba ang magkaroon ng karunungan, kaya nagsiyasat sila rito, at nagbunga ito ng kamatayan.

97 Ngayon, kapag ang isang tao ay tinubos na, hindi na niya pinahahalagahan pa ang iskolarsip. Hindi na niya pinahahalagahan pa ang mga bagay ng sanlibutan, ang karunungan ng sanlibutan. Ayaw na niya ng anomang pagpili. Si Cristo na ang kaniyang pinili, at iyan na ang lahat ng ito. Siya ay tinubos na. Sadyang hindi na niya ibig na pangunahan pa ang kaniyang sarili. Ayaw na niyang pagsabihan pa siya ninuman kung saan siya dapat magpunta at kung ano ang gagawin. Siya lamang ay naghihintay at hinahanap ang kagustuhan ng kaniyang Manlilikha. Kita n'yo? Pagkatapos paroroon siya sa Pangalan ng kaniyang Manlilikha, kapag sinabi ng Manlilikha sa kaniya na siya’y pumaroon. Kita n'yo?

98 Ngunit hinahanap ng tao ang karunungan, ibig na matagpuan, “Buweno, ang simbahan na ito ay talagang maganda; ngunit mas malaki ang ibinabayad nila sa akin sa dako roon, kaya doon ako paroroon.” Kita n'yo? Kita n'yo, karunungan.

99 Ngayon, nang si Adam ay nagkasala, sa pagdinig sa pangangatuwiran ng kaniyang asawa sa halip na manghawakan sa Salita ng Diyos, iya’y nagdulot kay Adam na magkasala. Ang kaniyang asawa ay nakipagkatuwiran kay Satanas, at

pagkatapos gumawa ng bunga ito kay Adam, at pinawalan ni Adam ang Salita at naipagbili.

¹⁰⁰ Naiwala niya, rin, ang kaniyang manna, nang maiwala niya ang kaniyang pakikisama at karapatan sa Buhay. Tandaan, “Sa araw na kainin n’yo yaon, sa araw na yaon kayo’y mamamatay.” At nang naiwala niya ang kaniyang Buhay, naiwala rin niya ang kaniyang manna sa buhay, sapagka’t nasa kaniya ang buong kapamahalaan sa sangkalupaan. Siya ay isang diyos ng sangkalupaan. Ang Diyos ay ang Diyos ng sansinukob, sa lahat ng dako. Subali’t ang Kaniyang anak ang may taglay sa daigdig na ito sa ilalim ng kanyang sariling pamamahala. Maaari siyang magsalita, maari siyang magpangalan, maari niyang sabihin, maari niyang patigilin ang kalikasan, maari niyang gawin ang anumang bagay na naisin niya. Kita n’yo? Ngunit, nang nagawa niya iyon, naiwala niya ang kaniyang mana.

¹⁰¹ Ngayon, maaring sabihin ni Adam, “Mangyari na ang bundok na ito, rito, ay malipat doon,” at ito’y gagawin nito. Maaring sabihin ni Adam, “Mangyari na ang puno na ito, rito, ay mabunot at matanim sa dako rito,” ito’y gagawin nito. Kita n’yo? Sapagkat taglay niya ang ganap, buong kapamahalaan, bilang isang maliit na diyos sa ilalim ng Diyos na ating Ama, sapagka’t siya ay isang anak ng Diyos.

¹⁰² Ngayon hindi ba tayo maaaring huminto rito ng ilang sandali lamang at magkaroon ng isang tunay na pangangaral! Kita n’yo? Oh! Samakatuwid, kung nilinis ito ng Dugo noon, papaano naman sa ngayon? Kita n’yo? Masdan ang Anak ng Diyos na iyan kung ano, ang ikalawang Adam, ang ginawa. Kita n’yo? At sinabi, “Ang mga gawang Aking ginagawa, ay gagawin din ninyo.” Kita n’yo?

¹⁰³ Naiwala ni Adam ang kaniyang manna, ang sangkalupaan. Ngayon, ito ay nalipat mula sa kaniyang kamay papunta sa isa na pinagbentahan niya nito, si Satan. Ipinagbili niya ang kaniyang pananampalataya sa Diyos, sa mga pangangatwiran ni Satan. Kung kaya, ang kaniyang Buhay na Walang Hanggan, ang kaniyang karapatan sa Puno ng Buhay, ang kaniyang karapatan sa lupa, na para sa kaniya, at kaniyang naipagbili ang bawat bagay nito sa mga kamay ni Satan. Kaniyang inilipat ito mula sa kaniyang kamay papunta kay Satan. Kung kaya, ngayon, ito’y galing na, ito ay bumalik at narumihan na. At ang binhi ni Adam ay sinira ang manna na dapat ay na kay Adam, iyan ay ang lupa. Iya’y tama, kita n’yo, ang binhi ni Adam.

¹⁰⁴ Tumigil ako, noong isang araw, doon sa Tucson kung saan ako nakatira. At ako’y nakikipag-usap sa isang tao, doon sa itaas ng bundok, na nakatingin sa ibaba. Sabi ko, “Ano sa palagay mo! Na, tatlong daang taon na ang nakalilipas, na kung saan ang matandang Papago ay bumababa patungo roon sakay ng kaniyang gareta, kasama ang kanyang asawa at mga anak na

nakaupo sa likod, naglalakbay mula sa kung saan at namumuhay ng mapayapa. Walang pangangalunya, walang alak, walang sugal, walang anomang bagay sa gitna kanila. Namuhay sila ng malinis. At ang asong gubat ay bumababa sa—sa paligo, sa bawa't gabi, dito sa Tucson, umaalulong. At ang palumpong at mga kaktus ay namumulaklak, palibot sa mga pampang. At si Jehovah ay tumingin sa mga ito at marahil napangiti. Subali't ang mga taong puti ay dumating sa gawing iyan, ano ang kaniyang ginawa? Pinagbubunot niya ang kaktus. Dinumihan niya ang bansa, ng mga lata ng serbesa at bote ng mga alak. Sinira niya ang moralidad ng bansa. Ang tanging paraan upang madaig niya ang mga Indiyang ay sa pamamagitan ng pagpatay sa kanilang pagkain, ang buffalo.”

¹⁰⁵ Nang ako'y nagbabasa roon sa Lapida, noon isang araw, sa isang—isang museo, at nakita ang mga larawan ni Geronimo. At marami ang sa inyo ay maaring mag-iisip na si Geronimo ay isang taksil. Para sa akin, isa siyang tunay na Amerikano. Ipinakikipaglaban lamang niya kung ano ang tama, na ibinigay sa kaniya ng Diyos: isang lupain, at isang bansa, at isang lugar na matitirhan. Hindi ko siya masisisi. At nang ang mga puting sundalo na iyon ay pumaroon at, sa pamamagitan ng puwersa, ay inagaw ang lupain, at pinagpapatay sila gaya ng kumpol ng mga langaw. At naroon ang orihinal na larawan ng tanggapang pangmedisina ni Geronimo, o ng kanyang ospital. Ito ay dalawa o tatlong mga kumot sa isang piraso ng palumpong. At silang sugatan, totoo, tunay na mga Amerikano, mga Indiyang, ipinakikipaglaban ang mga karapatang ipinagkaloob sa kanila ng Diyos. At naroon, taglay ni Geronimo ang sarili niyang sanggol, na nasa mga balakang, nakatayo roon na nakatingin sa kanyang mga mandirigma, na duguan, naghihingalo, na walang penisilin o anumang bagay, walang paraan upang matulungan sila; tunay, mga Amerikanong pinagkalooban ng Diyos! Pagkatapos tatawagin siyang isang taksil? Tinatawag ko siyang isang maginoo.

¹⁰⁶ Si Cochise ay hindi sana sumuko. Siya ay isang matanda nang lalaki. Datapuwa't ang Hukbong Amerikano, silang lahat na nakabihis doon, at nagsiparoon sila at papatayin ang buffalo. Libangan lang nila ito, at naimbento ni Sharpe ang riple para sa buffalo, at nagsiparoon sila at nagsipagsabing, “Oh, ang ganda ng araw ko ngayon,” namamaryl, mula sa gilid ng isang—isang pangbagaheng sasakyan, o pampasaherong sasakyan. Nagsasabing, “Nakapatay ako ng apatnapu ngayon.” Apatnapung buffalo, mapapanatili na nito ang buong tribo ng mga Indiyang, dalawang taon o higit pa. Ano ba ang ginagawa nila sa mga ito? Hinahayaan lang nila itong nakahandusay sa disyerto. Ang mga bulok na bangkay nila'y nakahambalang sa lupain, at umaalingasaw sa baho ng lupain, na kinakain ng mga asong gubat.

107 Kapag ang Indiyang ay nagkatay ng buffalo, may isang relihiyosong seremonya. Kinukuha niya ang mga kuko nito, isinasantabi ang mga ito upang gawing pinggan. Kinakain nila ang karne nito, maging ang karne ng lamang-loob. Kinukuha nila ang lahat ng karne nito at ibinibitin ito at pinatutuyo ito. Ang kaniyang balat ay pinapatuyo, at ginawa nilang pananamit at mga tolda. Walang anumang bagay na . . .

108 Subali't, nang ang puting tao ay dumating, ang taong taksil ay ang puti. Siya ang tampalasan. At siya ay dumating at pinagpapatay ang mga buffalo, at nangagutom ang mga Indiyang na yaon.

109 Sinumang matapat na tao ay ipakikipaglaban ang ibinigay ng Diyos na mga karapatan sa kaniya. Ito'y isang batik sa bandila ng Amerika, sa ginawa nila sa Amerikanong Indiyang. Gayon man, ito'y pag-aari niya.

110 Ano ang iisipin ninyo kung ang Japa-. . . Japan, o—o ilang, ang Rusya ay pumarito, at sabihing, "Magsialis kayo rito! Magsilayas kayo rito," at—at gawin sa atin at sa ating mga anak ang bagay na ginawa natin sa mga Indiyang na iyon? Ngunit, alalahanin, nagsipagtanim tayo, at ngayon ay aanihin din natin. Iyan ang batas ng Diyos, alam n'yo. May panahon ng pagtatanim, at pagkatapos ay ang panahon ng pag-aani. Sa palagay ko 'yan ay lubhang masama, Oo, ginoo.

111 Ngayon ano'ng nangyari? Ang narumihang binhi ni Adam ay dinumihan at tahasang sinira ang kalupaan. Alam n'yo bang sinabi iyan ng Biblia? At dahil sa ginawa niya ito, ang narumihang binhi ni Adam, lilipulin sila ng Diyos. Nais ba ninyong basahin 'yan? Tingnan natin. Isinulat ko ito rito. Tumungo sa Apocalipsis, sa ika-11 kabanata, at makikita natin. Tumungo sa Apocalipsis, ika-11 kabanata, at makikita natin kung ano ang sinabi ng Diyos tungkol sa kanila na sumisira sa sangkalupaan. Sa ika-11 kabanata, at simulan natin sa ika-18 talata, Naniniwala akong ito 'yon, 11:18. Narito na tayo.

At nangagalit ang mga bansa, at dumating ang iyong poot (ngayon masdan ang poot ng Diyos), at ang panahon ng mga patay, upang mangahatulan, at ang panahon ng pagbibigay mo ng ganting-pala sa iyong mga alipin na mga propeta, at sa mga banal, at sa mga natatakot sa iyong pangalan, maliliit at malalaki; at upang ipahamak—ipahamak mo ang mga nagpapahamak ng lupa.

112 Ano ang gagawin nila? Anihin kung ano ang kanilang itinanim. Tiyak. Kapag nakikita ninyo ang kasalanan na naglipana sa mga kalsada! Ilan ba, sa gabing ito ng Linggo, ilang mga pangangalunya ang magagawa sa lungsod na ito ngayong gabi? Ilang mga babae ang sisira sa kaniyang pangako sa kasal, sa maliit na butas na ito rito, na tinawag na Jeffersonville?

Ilang mga kaso ng aborsiyon sa palagay ninyo ang nakatala sa Chicago, sa loob ng tatlumpung araw? Sa pagitan ng dalawampu't-lima at tatlumpung libo bawa't buwan, liban pa roon sa mga hindi naitala. Gaano karaming alak ang naiinom sa lungsod ng Chicago? Ano sa palagay ninyo ang nagaganap sa Los Angeles sa loob ng isang gabi? Ilang ulit na ang Pangalan ng Panginooon ay nababanggit sa walang kabuluhan, sa lungsod ng Jeffersonville ngayon? Mas mabuti ba sa ngayon, o mas mabuti pa ito nang si George Rogers Clark ay naparitong nasa balsa? Nakita n'yo, tahasan na nating dinumihan ito ang lupa ng ating karumihan, at lilipulin ng Diyos ang mga nangagsipagsira ng sanlibutan. Sinabi 'yan ng Diyos.

113 Palagi kong naiisip na may bagay na nasa akin, gaya ng pag-akyat sa mga bundok at masdan ang paraan ng pagkakagawa ng Diyos dito.

114 Namumuhi ako, sa Florida, kung saan may mga artipisyal silang puno ng palma. At, oh, naku, gugustuhin ko pang makita ang mga buwaya na ikinakawag ang kaniyang buntot, doon sa kagubatan, kaysa sa makita ang lahat na mga gawa-gawa roon at bagay na ginagawa nila sa Hollywood, at lahat ng mga nakakahalina, at lupon ng mga lasing. At, oh, naku, naisip ko naroon lamang, "Balang araw! Balang araw!" Oo.

115 Datapuwa't, tandaan, ang Biblia ay nagsabi sa atin, sa ika-5 kabanata ng Mateo, na, "Ang maaamo ay magmamana ng lupa." Iya'y tama. "Ang maamo at mapagpakumbaba ay magmamana ng lupa." Sinabi ni Jesus, "Mapapalad ang maaamo," ang mga simple na hindi nagpupumilit na maging isang bantog, "mamanahin nila ang lupa." Sinabi 'yan ni Jesus. Oo. Ngayon dinumihan nila ito, at lilipulin sila ng Diyos; subalit ang maaamo ay magsisipagmana ng lupa, pagkatapos na ito ay dalisayin.

116 Ngayon, oh, naku! Ngayon, ang naiwalang titulo ay nasa mga kamay na ngayon ng dating Nagmamay-ari, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Ang titulo ng lupa, at sa Buhay na Walang Hanggan, nang maiwala ito ni Adam; kung gayun ang maruruming kamay ni Satanas ay hindi maaring kunin ito, kaya ito ay bumalik sa dating Nagmamay-ari nito, ang Diyos Mismo. Hahanapin natin ito, sa ilang sandali lamang. Naroon nakaupo Siya sa Luklukan, na taglay ito sa Kanyang kamay, ang titulo. [Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang kaniyang mga kamay ng dalawang ulit—Pat.] Oh, iyan ay nagdudulot sa akin ng relihiyosong pakiramdam. Ang titulo sa Buhay na Walang Hanggan, ang buod na titulo sa Buhay na Walang Hanggan, nang maiwala ito ni Adam kapalit ng karunungan, sa halip na pananampalataya, nanumbalik ito sa mga kamay ng Nagmamay-ari, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Napakadakilang bagay!

117 Mabuti, naghihintay. Ano ang ginagawa nito? Sa mga kamay ng Diyos, naghihintay sa pag-angkin ng pagtubos. Gumawa Siya ng isang paraan ng pagtubos, gumawa Siya ng isang daan pabalik, at darating ang araw kukunin ito ng Manunubos. Nakita ba ninyo kung saan tayo papunta ngayon? Masdan natin ang Taong ito na nakaupo sa Luklukan. Mabuti, naghihintay sa pag-angkin ng pagtubos, ito ay pagtubos.

118 Ano ba itong Aklat ng Katubusan, ang titulong ito, ang buod na titulo? “Sasabihin ninyong, ‘buod’?” Ano ang ibig sabihin ng buod? Ang ibig sabihin ay sinasaliksik nito ng lubusang pabalik ang pasimula nito. Gaya niyang munting— gaya niyang munting patak ng tinta kaninang umaga, kapag ito’y tumama sa pampaputi na iyan, babalik ang lahat ng ito sa dati. At kapag ang kasalanan ay naipahayag na at naihulog sa Dugo ni Jesus Cristo, oh, naku, magbibigay ito ng isang buod, deretso mismo pabalik muli sa Lumikha. Ikaw ay naging isang anak ng Diyos. Ang buod na titulo ay hawak kamay ng Makapangyarihan sa lahat. Oh, naku!

119 Ang pagtubos nito ay nangangahulugan ng legal na pag-aari sa lahat na naiwala ni Adam at ni Eva. Oh, naku! [Minsang ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang kaniyang mga kamay.] Ano ang dapat magawa nito sa isang Cristianong ipinanganak na muli! Isang legal na pag-aari sa buod na titulong iyan, ang titulo ng Buhay na Walang Hanggan, nangangahulugan na taglay mo ang lahat ng bagay na naiwala ni Adam at ni Eva. Whew! Ano ito, kapatid? Ang pagmamay-ari ng titulong iyon!

120 Hindi kayang katagpuin ni Adam ang mga kailangan sa pagtubos. Pagkatapos niya masumpungang naiwala niya ito, siya’y nagkasala at hiniwalay ang kaniyang sarili mula sa Diyos, nasa panig na *ito* ng bangin, kaya hindi niya ito maaaring tubusin. Sadyang hindi niya ito magagawa, ‘pagka’t siya—siya’y nangangailangan din ng katubusan, siya mismo, kaya hindi niya ito magagawa.

121 Ngunit ang kautusan ay humihiling ng isang Kamag-anak na Manunubos. Ang kautusan ng Diyos ay humihiling ng isang Kamag-anak na Manunubos. Nais n’yo bang markahan iyan, “Kamag-anak na Manunubos,” hanapin ito sa Levitico 25.

122 Wala na tayong panahon upang lubusang saliksikin ito, ‘pagka’t, alam n’yo, bawat—bawat teksto ay aabutin ng isang—isang gabi. Kita n’yo?

123 Subali’t ang kautusan ng Diyos ay tumanggap ng kapalit. Ngayon, papaano kung ang Diyos ay hindi nag-alok upang tumanggap ng kapalit? Ngunit ang pag-ibig ang humikayat sa Kaniya upang gawin ito. Na, ang tao ay walang paraan upang makabalik, at wala ng paraan para sa kaniya upang makabalik. Siya’y nawala. Ngunit ang biyaya ng Diyos ay kinatagpo itong Kamag-anak na Manunubos sa Katauhan ni Jesus Cristo.

Hiniling ito ng kautusan. Kinatagpo ng biyaya ang mga kahilingan nito. Oh, kahanga-hangang biyaya, napakatamis ng himig! Ang kautusan ng Dios ay humiling ng isang inosenteng kapalit.

¹²⁴ At sino ang inosente? Ang bawat tao ay ipinanganak sa pakikipagniig, ayon sa pag-niniig, bawat isa. At ang tanging isa na hindi, ay naiwala pa ang mga karapatan sa Buhay na Walang Hanggan at upang maging hari rito sa lupa.

¹²⁵ Oh, kapag naisip ko ang Kasulatang iyon, “Sapagka’t tinubos mo kami pabalik sa Diyos, at upang kami ay maghari at maging mga hari at saserdote sa lupa.” Oh, naku! Ano’ng? Ang Kamag-anak na Manunubos! Oh, anong kasaysayan mayroon tayo rito!

¹²⁶ Pansinin, ang kautusan ay humiling ng isang Kamag-anak na Manunubos upang tubusin ang nawawalng sangkap. Kinatagpo ng biyaya ang kahilingang ito sa Katauhan ni Jesus Cristo. Isang Kamag-anak ay kinakailangang ipanganak sa sangkatauhan.

¹²⁷ Ngayon, papaano tayo, nang ang bawat tao na ipinanganak ay kinakailangan. . . At sinuman na hindi makita na iyon ay isang pagniniig na gawa roon, buweno, siya ay lubos na bulag, kita n’yo, ‘pagkat bawat tao na ipinanganak ay ipinanganak ng isang babae.

¹²⁸ At ang Diyos ay humiling ng isang Kamag-anak na Manunubos, at kinakailangang Siya ay isang tao. Oh, naku! Ano ang gagawin ninyo ngayon? Humiling ang kautusan ng isang Kamag-anak na Manunubos.

¹²⁹ Ngayon, hindi Niya maaaring kunin ang isang Anghel. Kinakailangang magkaroon ng isang tao, ‘pagka’t hindi natin kamag-anak ang Anghel. Magkakamag-anak ang bawat isa sa atin. Hindi kailan man nahulog ang Anghel. Kakaibang uri siya na nilalang, na may ibang katawan. Hindi siya nagkasala o anupaman. Siya ay kakaiba.

Subalit ang kautusan ay humiling ng isang Kamag-anak na Manunubos.

¹³⁰ At bawat tao sa ibabaw ng lupa ay ipinanganak sa pamamagitan ng pagniniig. Ngayon, hindi ba ninyo nakikita, doon kung saan ito nanggaling. Diyan kung saan na nagsimula ang kasalanan. Kaya nakita na ninyo kung saan ito ngayon? Doon ito siya dumating, ang inyong binhi ng serpiyente, sa. Kita n’yo?

¹³¹ Ngayon, pansinin, humiling ng isang Kamag-anak na Manunubos. At ang Manunubos, isang Kamag-anak na Manunubos, ay kinakailangang ipinanganak sa sangkatauhan. Narito, iyan ay iniwan tayo sa isang sanga. Ngunit hayaan ninyong patunugin ko ang Trumpeta sa inyo. Ang birheng

kapanganakan ang isang gumawa ng—ng produkto. Amen. Ang birhen na kapanganakan ng ating Kamag-anak na Manunubos. Walang iba kundi ang Makapangyarihang Diyos sa lahat naging si Emmanuel, naging isa sa atin. Emmanuel! Ang “Kamag-anak na Manunubos” ay kinatagpo. Nakita ninyo kung papaano gumawa ang Diyos ng isang kahilingan, at tayo’y walang anumang magagawa. Ngunit ang biyaya ay humakbang at nililiman ang kautusan na iyon, at nagbunga ng produkto. Amen! [Minsang ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang kaniyang mga kamay—Pat.]

¹³² Oh, kapag makauwi kayo roon sa Tahanan! Kapag ako ay nakarating sa aking munting dampa roon; na tungkol sa inaawit ni Kapatid na Neville. Kapag marinig ninyong lahat ang isang bagay roon, isang umaga, na inaawit ang, “Kahanga-hangang biyaya, napakatamis ng himig, na iniligtas ang isang napakasamang katulad ko!” Sasabihin ninyong “Purihin ang Diyos! Nagawa ito ng Matandang Kapatid na Branham. Naroon siya, kita n’yo.” Oo. Oh!

Ito’y ang biyaya na ito na nagturo sa aking
puso upang matakot,
Ito’y ang biyaya ito na nag-alis sa mga
kinatatakutan ko’y nawala;
Napakadakila ng ginawa ng magpakita ang
biyayang ito
Sa oras ng kamay pagsampalataya!

¹³³ Maghintay hanggang sa tayo ay makadako roon, sa ilang sandali lamang! Oh, naku! Ngayon masdan. Ang Aklat . . .

¹³⁴ Ang Aklat ni Ruth ay nagbibigay ng isang magandang larawan nito, kung papaanong si Boaz . . . At naiwala ni Naomi ang pag-aari. Kayo, alam n’yo. Narinig n’yo na akong nangaral tungkol dito, hindi ba? Itaas nga ang mga kamay kung narinig n’yo na ipinangaral ko ito. Kaya, naiintindihan n’yo, kita n’yo. Si Boaz ay kinakailangang maging isang manunubos. At tanging siya lamang ang makagagawa. Kinakailangan siya ay maging isang kamag-anak, isang malapit na kamag-anak. At, sa pagtubos kay Naomi, ay nakamtan niya si Ruth. Iyan ay si Jesus, si Boaz ay itinitipo si Cristo. At nang Kaniyang tubusin ang Israel, nakamtan Niya ang Hentil na Nobya. Kaya kung gayon, kita n’yo, talagang napakaganda! Mayroon tayo nito sa teyp, natitiyak ko, rito kung saan, nanaisin ninyong magkaroon nito.

¹³⁵ Ngayon pansinin, ngayon, kinakailangang Siya ay Kamag-anak. Kaya, kita n’yo, hindi ito magagawa ng isang Anghel. Hindi ito magagawa ng isang tao; kinakailangang ito ay isang lalaki, ngunit hindi siya maaaring maipapanganak ng isang babae, sa pamamagitan ng pagniniig. Kaya, sa birheng kapanganakan, nililiman ng Banal na Espiritu si Maria. Samakatuwid, si Jesus ay hindi isang Hudyo. Si Jesus ay

hindi rin isang Hentil. Si Jesus ay Diyos. Iya'y eksakto. Ang Kaniyang Dugo ay hindi galing sa anomang pagniniig. Siya ang banal, nilalang na Dugo ng Diyos. At hindi tayo iniligtas sa pamamagitan ng dugong Hudyo, o iniligtas sa pamamagitan ng dugong Hentil. "Tayo ay iniligtas sa pamamagitan ng Dugo ng Diyos." Iya'y ayon sa Biblia. Gayon ang sinabi nito. "Tayo'y iniligtas sa pamamagitan ng. . ."

¹³⁶ Kaya, kita n'yo, si Jesus ay Diyos. Hindi Siya ang ikatlong Persona, ikaapat na Persona, ikalawang Persona. Siya ang Persona. Siya ay Diyos, kita n'yo. Siya ay Diyos, Emmanuel. Ang Diyos ay bumaba mula sa Kaniyang Kaluwalhatian, inihayag ang Kaniyang Sarili. Gusto ko ang istoryang iyon, ni Booth-Clibborn, iyang kahanga-hangang, magandang himno.

Bumabang mula sa Kaniyang Kaluwalhatian,
walang kamatayang salaysay,
Dumating ang aking Diyos at Tagapagligtas, at
Jesus ang Kaniyang Pangalan.
Ipinanganak sa isang pasabsaban, isang
dayuhan sa sariling Kaniya sarili,
Isang Lalaki ng kalumbayan, mga pagluha't
paghihirap. Oh!

Anong pagpapakumbaba ito, nagdadala sa
atin ng katubusan,
Nang sa kadiliman ng gabi, wala isa man sa
bahagyang nakikitang pag-asa;
Ang Diyos, na pinakamamahal, at magiliw,
isinaisangtabi ang Kaniyang karangyaan,
Nagpakumbaba upang suyuin at ilitas ang
aking kaluluwa.
O gaano ko Siya kamahal! Gaano ko Siya
sinasamba!
Ang aking hininga, ang sinag ng araw sa akin,
ang lahat-lahat sa akin!
Ang dakilang Manunubos naging aking
Tagapagligtas,
Ang dakilang Manlilikha naging aking
Tagapagligtas,
At ang lahat ng kapuspusan ng Diyos ay
nananahan sa Kaniya.

¹³⁷ Iya'y ang siya kumatagpo sa kahilingan. Ang biyaya ang nagbunga ng Persona ni Jesus Cristo. At nakita natin, ang Aklat na ito ngayon. . . Iniunat ng Diyos ang Kaniyang tolda, pumarito mula sa pagka-Diyos, upang maging isang tao. Binago Niya ang Kaniyang katangian, mula sa Makapangyarihan sa lahat, upang maging tao; upang mag-anyong tao, upang Siya ay mamatay, upang tubusin ang tao. Hintayin hanggang sa makita natin Siya, nang walang sinuman na karapat-dapat." Kita n'yo? Mabuti.

138 Sa Biblia, sa Aklat ni Ruth, sa pagbasa ninyo nito, makikita ninyo, ang isang taong gayon tinawag na “goel,” g-o-e-l. Tinawag na goel, o, iyon ay isang tao na makakatagpo ang mga kahilingan. At kinakailangang kaya itong gawin ng goel, kinakailangang bukal sa loob niya na gawin ito, at kinakailangang ito ay isang kamag-anak, malapit na kamag-anak, upang gawin ito.

139 At ang Diyos, ang Manlilikha, ng Espiritu, ay naging kamag-anak natin nang Siya ay maging tao, upang maako Niya ang ating kasalanan sa Kaniya, at bayaran ang halaga, at muling tubusin pabalik sa Diyos. Hayan. Hayan ang Manunubos.

140 Natubos na tayo ni Cristo ngayon. Natubos na tayo ngayon. Datapuwa’t hindi pa Niya inangkin ang Kaniyang pagmamay-ari. Ngayon, maaring kayo ay hindi sumang-ayon diyan, subali’t nanatili ilang sandali lang, kita n’yo. Titingnan natin. Kita n’yo? Hindi pa Niya inangkin ito. Kita n’yo? Kung kinuha na Niya ang Aklat ng Katubusan, ang lahat ng nakay Adam at lahat ng naiwala niya, ay tinubos ni Cristo pabalik. At natubos na Niya tayo. Ngunit hindi pa Niya inangkin ang pagmamay-ari nito; Hindi Niya magagawa hanggang sa panahong itinakda. At pagkatapos darating na ang pagkabuhay na mag-uli, at pagkatapos ang lupa ay babaguhin na muli. At pagkatapos ay kukunin na Niya ang pagmamay-ari, ang Kaniyang pagmamay-ari na nakuha Niya nang tubusin Niya tayo, datapuwa’t gagawin niya ito sa takdang panahon. Oh, naku!

141 Ito ay inilarawan dito sa Aklat na may Pitong-Tatak na siyang pinag-uusapan natin ngayon. Mabuti. Ang Aklat ng Katubusan, ang lahat ng ito ay isinalarawan dito. Ang lahat ng gagawin ni Cristo sa dakong huli ay ihahayag sa atin sa linggong ito, dito sa Pitong Tatak, kung ipapahintulot sa atin ng Diyos. Kita n’yo? Mabuti. Ihahayag ito. At inihayag, sa pag-alis ng mga Tatak at ihayag sa atin, kung magkagayon ay makikita natin kung ano itong dakilang plano ng pagtutubos, at kung kailan at papaano isasagawa. Ang lahat ng ito ay natatago rito sa Aklat ng hiwaga na ito. Ito’y natatakan, nababalutan ng Pitong Tatak, at kaya ang Cordero lamang ang tanging Isa na Siyang makakapag-alis nito.

142 Ngayon . . . [May bagay na gumambala sa Kapatid na Branham—Pat.] Pagpaumanhinan n’yo ako. Napagtanto natin . . .

143 Ngayon, kung nais ninyong tingnan ito sa Kasulatan, maari ninyong tingnan sa Jeremias at hanapin doon. Nang siya ay—nang siya—siya ay paroon sa pagkabihag ng lupain, alam n’yo, kaniyang—kaniyang binili ang kaniyang tiyuhin . . . Ang anak ng kaniyang tiyuhin ay mayroon ilang—ilang pag-aari, at siya ay nagtungo dahil diyan, pagtatatak. At kung tatalakayin

natin itong lahat. . . Tinalakay din natin iyan dito sa *Pitong Kapannahunan Ng Iglesya*, iyang mga tatak at iba pa, doon.

144 Kita n'yo, ang isang tatak, sa Lumang Tipan, ay gaya ng isang balumbon, gaya *nito*. [Gumamit si Kapatid na Branham ng mga pahina ng papel upang isalarawan ang pagbilot, pagtatatak, at pagbubukas ng isang balumbon—Pat.] At *narito* ang isang hiwaga, at ang hiwagang ito ay natatago. Mabuti, ito ay tinatakan paikot at inilagay rito, ang pagmamay-ari ni *ganito-at-ganito*. Pagkatapos, ang kasunod na hiwaga ay nababalot paikot kung ano ang mamanahin na ito, at nakalabas dito sa panig na *ito*, ang—ang—ang pagmamay-ari ni *ganito-at-ganito*. At patuloy ito hanggang sa magawa itong isang balumbon, sapagka't ang mga tao'y walang mga aklat na tulad *nito* noon. Ito ay nasa isang balumbon, (ilan ang nakakaalam niyan?) na tinawag na isang balumbon. Buweno, isang tinatakan na balumbon, maari mong kalagan ang isa *rito*, kung ano ang hiwaga nito, at punitin upang kalagan, at makikita ninyo kung ano ang pag-pilasin. At pagkatapos kalagan ang isa pa, at makikita n'yo kung ano ang pag-aaring iyon.

145 At ang kabuuang bagay Rito ay Pitong Tatak, taglay ang mga hiwaga ng Diyos mula ng itatag ang sanlibutan ay natatakang lahat Doon, at inihayag sa pamamagitan ng pitong magkakaibang Tatak, na, kung loloobin ng Diyos, pahintulutan Niya tayo na buksan ang mga Tatak na ito at tingnan ang buong Aklat at nakita kung ano ang lahat ng Ito. Kita n'yo? Oh, umaasa akong mayroon tayong isang dakilang panahon! Naroon ang hiwaga ng pagtubos ay tinatakan hanggang. . . Ang Aklat na ito ay hindi maaaring buksan hanggang sa Mensahe ng huling anghel.

146 Naroon ang balumbon. Alam nating Ito ay naroon. Alam natin na Ito ang katubusan. Naniniwala tayo na Ito ay ang katubusan. Sinabi ni Jeremias, “Kailangang nakatago ang balumbon na ito. . .” Gaya ng mababasa n'yo ito roon, sasabihin niya. Kailangang itago Siya sa isang makalupang sisidlan. Kita n'yo? Oh, anong napakagandang bagay roon na aking matatalakay, sumandali. Ang balumbon na ito ay nakatago sa isang makalupang sisidlan, isang sisidlan na minsan ay naging laman (luwalhati!), namatay, nabuhay na maguli, at itinago sa makalupang sisidlan hanggang sa panahon ng pagtubos. Oh, naku! Napakaganda! Mabuti.

147 Ngayon, ang mga Mensaheng ito ay itinago lahat hanggang sa, ang makalupang sisidlan na ito, hanggang sa panahon na itinakda ng Diyos, sa huling sugo sa lupa. At ang lahat ng mga taong ito na nagsipaghatol sa, at nagsabing, “Alam kong Ito'y naroon. Naniniwala akong Ito'y naroon.” At ipinaglaban nila Ito, at inilabas Ito at nagbunga ng mga bagay. Sa pananampalataya pinaniwalaan nila Ito. Subali't ngayon Ito ay mailalabas sa atin

sa kapahayagan, at mula sa kamay ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapatunay. Gayon ang sinabi ng Diyos. Ipinangako Niya ito.

148 Ngayon, tingnan natin ngayon. Kung saan, nasaan na tayo? Pumaroon tayo sa talata 2 ngayon. Napakahaba na niyan sa talatang 1, datapuwa't hayaang tayo—tayo—kunin natin ang talatang 2. Ngayon, marahil ay hindi na tayo magtatagal gaya niyan sa susunod na talata.

At nakakita ako ng isang malakas na anghel na nagtatanyag ng malakas na tinig, Sinong karapat-dapat magbukas . . . aklat, at magtanggap ng mga tatak nito?

149 Ngayon, tandaan. Basahin nating muli ang talata 1, upang makuha natin ang mga ito.

. . . At nakita ko sa kanang kamay niyaong nakaupo sa luklukan . . .

150 Diyos! Sino 'yon? Ang ganap na tunay na may hawak ng Aklat ng Buhay. Siya ang may hawak Nito. Hawak ng Diyos. Nang maiwala ni Adam, bumalik Ito sa tunay na May-ari Nito. Ito'y pagmamay-ari Niya.

At si Juan (sa pangitain) ay tumingin at nakita sa kanang kamay niyaong nakaupo sa luklukan ang isang—isang aklat na may sulat sa loob at sa labas, na tinataakang mahigpit ng pitong tatak.

151 Kita n'yo, sa loob! Ngayon, kapag tayo ay nagtungo sa pagkakalag ng mga Tatak na ito, ay makikita n'yo, Ito ay tutungo pabalik ayon sa Kasulatan, tuloy-tuloy pabalik, para sa bawat isa ng mga Tatak na yaon. Ang buong bagay, sama-sama, ang buong hiwaga, ay nakapaloob mismo rito sa mga Tatak na ito. Kita n'yo? Bawat hiwaga sa Biblia ay nakapaloob sa mga Tatak na ito. [Ang Kapatid na Branham ay kumatok ng limang ulit sa pulpito—Pat.] At hindi maaaring buksan ang mga Tatak hanggang sa panahong iyon. Napatunayan ko ito rito, sa ilang sandali lang.

152 Pansinin. Ngayon, ang Aklat, tandaan, ay tinatakan. Narito ang isa, narito Ito, ang tatak na *ito*. Pagkatapos may Isa pang nabalot, isang Tatak. May Isa pang nabalot, isang Tatak. Ito'y Aklat ng Katubusan. At ang buong bagay, na sama-sama, ang bumubuo ng Aklat, at Ito'y tinatakan ng Pitong Tatak. At, pagkatapos, ito ay nasa likuran, sapagka't ito ay nakabilot. Ang Tatak ng hiwaga ay nasa loob. At ang sinasabi lamang Nito ay, “Ang mangangabayo ng maputing kabayo,” o, “Ang mangangabayo ng maitim na kabayo,” at ano pa, na nasa labas. Subali't ang hiwaga ng buong Aklat ay nasa sa mga Tatak na iyon, mula sa Genesis hanggang sa Apocalipsis. Ang ganap na plano ng katubusan ay inihayag sa Pitong Tatak na ito. Oh, ito'y isang napakahalagang panahon. Tulungan tayo ng Diyos na maunawaan Ito! Kita n'yo?

153 Ngayon, “At isang malakas na anghel...” Ngayon sa talatang 2.

. . . ang *malakas na anghel*, na may malakas na tinig, na nagsasabing, *Sinong karapat-dapat*. . . (Karapat-dapat para ano?) *Sinong karapat-dapat upang* kunin iyang *aklat*, . . .

154 Ngayon napag-alaman natin. Nasaan ang Aklat sa ngayon? Nasa Orihinal na Nagmamay-ari Nito, sapagka’t Ito ay naiwala ng anak, ang unang anak ng Diyos, sa sangkatauhan. At nang maiwala niya ang kaniyang mga karapatan, upang makinig kay Satanas, bumigay siya . . . Ano ang ginawa niya? Tinanggap niya ang karunungan ni Satanas sa halip na ang Salita ng Diyos. Ngayon, hindi ba tayo maaaring huminto rito sandali! Ang mga Anak na lalaki ng Diyos ay kukuha ng isang kaisipang seminaryo tungkol Dito, sa halip na sa Salita ng Diyos. Kita n’yo, gayunding bagay na ginawa ni Adam, naiwala ang kaniyang mga karapatan. At nang mangyari ito, ito ay tuwirang bumalik agad. Hindi ba ninyo nakita kung saan ang mga kapanahunan nagmula? Kita n’yo? Tuwiran itong bumalik sa tunay na may hawak nito.

155 At si Juan, na nasa Espiritu, ay nakatayo rito sa Langit. Kapapanhik pa lang niya ngayon, mula sa mga kapanahunan ng iglesya, kita n’yo, na nakita ang mga kapanahunan ng iglesya. At pagkatapos siya ay kinuha pataas, sa ika-4 na kabanata. Sabi Niya, “Umakyat ka rito. At ipakikita Ko sa iyo ang mga bagay na mangyayari sa hinaharap.”

156 At nakita niya ang Isa na nakaluklok sa Trono, na nasa Kaniyang kamay ang Aklat na ito, sa Kaniyang kanang kamay. Isipin ito, ngayon. At, pagkatapos, sa Aklat na ito ay ang titulo sa pagtubos, at Ito ay natatakan ng Pitong Tatak.

157 At pagkatapos isang Anghel ang lumabas, isang malakas na Anghel, na naghahayag ng malakas na tinig, “Sino ang karapat-dapat na magbukas ng Aklat; kunin ang Aklat? Sino ang may-kakayahang magbukas ng mga Tatak? Sino ang may-kakayahang magbukas ng Aklat na ito?” Kita n’yo, ito ang itinanong ng Anghel. Nakita ito ni Juan. At sinabi Niya, “Ngayon, sino ang karapat-dapat? Hayaan Siya na . . .” Oh, naku! Marahil ay sadyang nararamdaman ko ito, sa ganitong paraan. “Ngunit hayaan Siya,” ang sabi ng Anghel, “hayaan Siya . . .” *Narito* ang Aklat ng Katubusan! *Narito* ang plano ng pagtubos! *Narito* ang tanging daan upang kayo ay matubos, sapagka’t *narito* ang titulo ng katubusan sa buong kalangitan at kalupaan! “Hayaan Siya na pumarito, kung magagawa Niya.” Oh, naku! “Ngayon magsalita, o manahimik Siya magpakailanman. Hayaan Siya na pumarito at arin ang Aklat na ito. Sino ang karapat-dapat upang gawin ito?”

158 At sinabi ni Juan:

Walang *sinuman sa langit* ang nasumpungang karapat-dapat; walang sinuman sa *lupa* ang nasumpungang karapat-dapat; walang sinuman sa ilalim *ng lupa*, na nabuhay at namatay, ang nasumpungang karapat-dapat. Walang sinuman ang nasumpungang karapat-dapat.

159 Ang pagtawag ng Anghel ay isang pagtawag upang magpakita ang Kamag-anak na Manunubos. Sabi ng Diyos, “mayroon Akong isang batas; isang Kamag-anak na Manunubos ang maaaring—ang maaaring maging isang kapalit. Nasaan ang Kamag-anak na Manunubos na iyan? Sino ang may kakayahang kumuha Nito?”

160 At nanggaling iyon kay Adam, tuloy-tuloy pababa sa lahat ng mga apostol, at mga propeta, at sa bawat ibang bagay pa, at walang sinumang nasumpungan. Ngayon, ano ang tungkol diyan? “Walang sinuman sa Langit, walang sinuman sa lupa, walang sinuman na kailan man nabuhay.” Nakatayo si Elias doon. Nakatayo si Moises doon. Ang lahat ng mga apostol ay nangakatayo roon, o—o ang lahat ng mga nangamatay na; ang lahat ng mga taong banal, si Job, ang mga pantas. Ang bawat isa ay nangakatayo roon, at walang sinumang karapat-dapat kahit na tumingin man lang sa Aklat, ang kunin pa kaya Ito at buksan ang mga Tatak.

161 Ngayon nasaan ang papa at ang lahat ng mga nagsipasok na ito? Nasaan ang inyong obispo? Nasaan ang ating kahalagahan? Tayo’y walang halaga. Iya’y tama.

162 Hiniling Niya para sa Kamag-anak na Manunubos na lumapit, kung magagawa Niya. Ngunit sinabi ni Juan, “Walang sinumang karapat-dapat.”

163 Hindi dahil sa walang karapat-dapat na tao roon, ngayon, gaya ng Anghel; gaya, halimbawa, maaari nating sabihing, si Gabriel, o si Michael. Subalit, tandaan, kinakailangang ito ay isang Kamag-anak. Tandaan, sinabi ni Juan dito, “At walang sinumang t-a-o,” hindi ang Anghel, hindi ng Serapin. Hindi sila nangagkasala, ngunit Sila ay nasa ibang kategoriya. Hindi sila nangahulog.

164 Ngunit ito ay kailangang isang Kamag-anak na Manunubos. “Walang sinumang tao,” ’pagkat walang sinuman sa kanila ang tinubos. “Walang sinuman ang karapat-dapat na tumingin Dito.” Oh, hindi! Naku, naku! Kaya, nangangailangan ito ng isang taong Kamag-anak. At ito ang hiniling niya, at Siya ay hindi matagpuan, saan man. Walang sinuman. Walang obispo, walang arsobispo, walang pari, walang herarkiya, walang anumang bagay kahit . . . niwalang anumang sapat na kabanalan upang tumingin man lang sa Aklat. Whew! Naku, naku! Iya’y talagang matindi ’yan, ngunit iyan ang sinabi ng Biblia. Inuulit ko lamang ang sinabi ni Juan.

Ang sabi ng Biblia na si Juan ay “umiyak.”

¹⁶⁵ Hindi kagaya sa pagtuturo ng ilang tao. Narinig ko ang isang tao na nagturo nito minsan, na nagsabing, “Si Juan ay umiyak sapagka’t nasumpungan niya ang kaniyang sarili na hindi karapat-dapat.” Oh! Sinumang taong nasa ilalim ng Espiritu Santo ay iba ang nalalaman kaysa riyan, kita n’yo; sa ilalim ng inspirasyon ng Diyos, ang nalalaman ay naiiba ang nalalaman kaysa riyan.

¹⁶⁶ Datapuwa’t, si Juan ay “umiyak.” Narito ang palagay ko kung bakit siya umiyak. Sapagka’t, kung walang sinuman na karapat-dapat at maaaring magbukas ng Aklat ng Katubusan na ito, ang buong nilalang ay napahamak.

¹⁶⁷ *Narito* ang Aklat, *narito* ang titulo, at inalok Ito sa Kamag-anak na Manunubos na makatutugon sa mga katangian. Iya’y ang Sariling batas ng Diyos, at hindi Niya maaaring dungisan ang Kaniyang batas, hindi maaaring salangangin ang Kaniyang batas, sa lalong maliwanag. Kita n’yo? Humiling ang Diyos ang isang Kamag-anak na Manunubos na Siyang karapat-dapat, na Siyang makagagawa nito, na Siyang may kakayahan upang gawin ito.

¹⁶⁸ At sinabi ng Anghel, “Ngayon hayaan iyang Kamag-anak na Manunubos na humakbang palapit ngayon.”

¹⁶⁹ At tumingin si Juan. At tumingin siya sa buong kalupaan. Tumingin siya sa ilalaim ng lupa. At walang sinuman. Ang sangnilikha at ang lahat ng bagay ay napahamak. Siyempre, si Juan ay umiyak. Ang lahat ng bagay ay napahamak.

¹⁷⁰ Ang pag-iyak niya ay hindi nagtagal kundi ilang saglit lamang, gayunman. Pagkatapos tumayo roon ang isa sa mga matatanda, na nagsabi, “Huwag kang umiyak, Juan.” Oh, naku! Ang pag-iyak niya ay hindi nagtagal kundi ilang sandali lamang.

¹⁷¹ Naisip ni Juan, “Oh, naku, nasaan ang Taong iyon? Nangakatayo roon ang mga propeta; ipinanganak silang gaya ko. Nangakatayo roon ang mga pantas. Nangakatayo roon. . . Oh, wala bang sinuman dito?”

¹⁷² “Nais ko ng isang Tao na makagagawa nito. Nais ko ng isang Tao na makatutubos.”

¹⁷³ At hindi siya natagpuan, kaya si Juan ay bumigay. Oh, ang lahat ng bagay ay napahamak; at umiyak siya ng mainam. At siya—siya ay nalungkot, ’pagkat ang lahat ng bagay, ang buong sangnilikha, ang lahat ng bagay ay napahamak, kung wala silang matatagpuang sinuman. Luwalhati sa Diyos! Kung wala silang matatagpuang sinuman na makatutugon sa mga kahilingan, naroon. . . ang bawat isa, at ang buong mundo at nilalang, ay napahamak. Oh, ang lahat ng bagay ay nangahulog. Ang—ang—ang mga karapatan sa pagtubos, ang mga karapatan

sa—sa Buhay na Walang Hanggan, ang Liwanag, ang lahat ng mga karapatan na ito ay naiwala, at walang sinuman ang makapagbabayad ng halaga. At nagpasimulang umiyak si Juan, 'pagkat wala ni isa man ang karapat-dapat, at wala ni isa man ang maaaring tumingin man lamang sa Aklat. Oh, nangangailan ng isang tao. Si Juan ay umiyak, sapagkat walang makagagawa nito, at ang lahat ay napahamak.

¹⁷⁴ At may dumating na isang tinig na mula sa isa sa mga matatanda, na nakatayo sa gitna ng apat na Hayop at ang lahat ng dakilang hukbong iyan ng Kalangitan, na nagsabi, "Huwag kang umiyak, Juan." Oh, naku!

¹⁷⁵ [Dalawang ulit na ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang kaniyang mga kamay—Pat.] Biyaya ng Diyos!

¹⁷⁶ "Huwag kang mahapis, Juan. Huwag kang umiyak. Sapagkat ang Leon sa angkan ni Juda, ang Ugat at Supling mula kay David, Siya ay nagtagumpay."

¹⁷⁷ Ang ibig sabihin ng *magtagumpay* ay "makipagtunggali, at nanaig." Oh, naku! Ang hardin ng Getsemani, nang tumulo ang Dugo mula sa Kaniyang mukha, Siya'y nagtatagumpay. Kita n'yo? Whew! Kita n'yo?

¹⁷⁸ "Ang Leon, at ang Ugat ni David, ay nagtagumpay, ay nanaig."

¹⁷⁹ Gaya ni Jacob, bilang manlilintang. At nang makaharap niya ang Anghel, hinawakan niya ito. At nagpumilit makaalpas ang Anghel. Sabi niya, "Ako sadyang hindi ako papayag na makaalis Ka." Nanatili siyang nakahawak hanggang sa makuha niya ang kaniyang ninanais. At pinalitan ang kaniyang pangalan, mula sa *manlilintang*, na ang ibig sabihin ay "mandaraya." Sa ano? Sa "prinsipe ng Diyos," *Israel*. Siya ay nagtagumpay.

¹⁸⁰ At ang Leon na ito sa angkan ni Juda ay nagtagumpay. Sabi niya, "Huwag kang umiyak, Juan. Sapagka't ang Leon sa angkan ni Juda, ang Ugat ni David, ay nagtagumpay. Kaniya nang dinaig. Nagawa Niya ito. Tapos na ito, Juan." Whew! Oh, oh, naku! Siya'y nakagawa na ng isang pampaputi na ibinabalik ang kasalanan sa magrasang mga kamay na ang . . . kasama ng kaniyang karunungan, na nagparumi nito, sa tao. Oo.

¹⁸¹ Ngunit nang lumingon si Juan upang tingnan, nakita niya ang isang Cordero. Anong pagkakaiba sa isang Leon! Sabi niya, "Ang Leon ay nagtagumpay." Kita n'yo, muli, maaari kong gamitin iyan doon, ang Diyos ay nagkukubli sa kasimplehan. Sabi niya, "May isang Leon." Iya'y ang hari ng hayop. "Ang Leon ay nagtagumpay." Ang pinakamalakas na bagay na mayroon ay isang leon.

¹⁸² Nakahiga na ako sa mga kagubatan ng Africa, at narinig ang—ang hiyawan ng mga girafee. At—at ang malaki, malakas na elepante, na nakataas sa hangin ang kaniyang nguso, "Whee,

whee, whee.” At narinig ang—ang—ang mga mababangis sa ilang na nangagsisigawan sa kanilang madugong, namumuong mga hiyaw. At ang—ang mga salagubang, hanggang sa . . . At si Billy Paul at ako ay nakahiga sa isang maliit at lumang lugar na may takip na mga kugon. At narinig, sa dakong may kalayuan, ang isang leon na umaatungal, at ang lahat ng mga bagay sa ilang ay nanahimik. Maging ang mga salagubang ay tumigil. Nagsasalita ang hari. Oh, oh, oh, oh, naku!

¹⁸³ Sasabihin ko sa inyo, iya’y kapag ang mga denominasyon at mga pag-alinlangan ay mahulog sa lupa. Ang lahat ng bagay ay magsisitahimik kapag ang Hari ay nagsasalita. At *Ito* ang Hari, iyan ay ang Kaniyang Salita. Oh!

¹⁸⁴ Sabi niya, “Juan, huwag kang mag-alala. Huwag kang umiyak. Huwag kang manglupaypay, Juan. Kasama kita rito sa pangitain; ipinapakita ko sa iyo ang isang bagay. At alam kong ika’y nagdadalamhati, sapagka’t, alam n’yo, walang anomang bagay na matutubos, ang lahat ng bagay ay napahamak; walang sinumang makatutugon sa kahilingan. Subali’t ang Leon sa angkan ni Juda . . .”

¹⁸⁵ Alam n’yo, si Juda . . . Mayroon tayo nito, at ang nasa pisara rito, alam n’yo. Ang angkan ni Juda, ang sagisag, ay isang leon.

¹⁸⁶ Alalahanin, ang leon, at ang—at ang guyang baka, at ang . . . at iba pa, ang ulo ng tao, at iba pa. Ang mga ito ay nagbabantay, ang mga Serapin na iyon, ang Salitang iyan; habang ang lahat, si Marcos, si Mateo, si Lucas, at si Juan, ang lahat ay tumayo sa palibot ng Aklat ng Mga Gawa.

¹⁸⁷ At narinig ko ang isang lalaki na nagsabi, isang kilalang ministro, na nagsabing, “Ang Aklat ng mga Gawa ay isang andamyong gawa.”

¹⁸⁸ Iyon ang unang Puno na naiusbong ng banal na Iglesya. Uh-huh! Oo, ginoo. At kung mag-uusbong pa Siya ng isa pa, magiging gayunding uri, din. Oo, ginoo! Mayroon kayong ilang inihugpong na mga sanga, at ang mga ito ay nagbubunga ng mga limon. Dapat ito ay mga dalandan. Ngunit . . . Kita n’yo? Kapag ang Punong iyan—kapag ang Punong iyan ay mag-usbong ng sanga Nito muli, Ito’y magiging eksaktong katulad lamang ng orihinal.

¹⁸⁹ At si Mateo, Marcos, Lucas, at Juan, ang mga Ebanghelyo na iyon ay nakatayo roon binabantayan Iyon. Ang karunungan ng isang tao; ang lakas ng isang leon; ang gawa ng isang bisirong baka; at ang bilis ng leopardo . . . o ng agila, pala. Oo, ang mga Ebanghelyo ay nakatayo roon! Ano? Natatandaan ba ninyo nang ating talakayin ito? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Ito’y nasa *Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*.

Ngayon sabi niya, “Ang Leon sa angkan ni Juda.”

190 Bakit mula kay Juda? “O Juda, ang tagapagbigay ng kautusan ay hindi yayaon sa unahan nito, sa pagitan ng kaniyang mga tuhod, hanggang sa ang Shiloh ay dumating. Datapuwa’t darating Siya sa pamamagitan ni Juda.”

191 “At ang Leon, ang sagisag ng angkan ni Juda, ay nagtagumpay. Siya ay nanaig.”

192 At nang siya ay tumingin sa palibot upang tingnan kung nasaan ang Leon na iyan, ang nakita niya ay isang Cordero. Kataka-taka, tumingin para sa isang Leon at ang nakita ay isang Cordero. Ang matanda ay tinawag Siyang isang Leon. Ngunit nang si Juan ay tumingin, isang Cordero ang nakita niya, “Isang Cordero Na wari pinaslang buhat pa nang itatag ang sanlibutan.” Isang Cordero na pinaslang. Ano ito? Ano ba ang Corderong iyan? Ito ay duguan, sugatan. “Isang Cordero na pinaslang, datapuwa’t nabuhay na muli.” At Siya ay duguan. Oh, naku!

Papaano kayo makatitingin Diyan, mga kaibigan, at manatiling makasalanan?

193 Isang Cordero ang lumantad. Sabi ng matanda, “Isang Leon ang nagtagumpay, ang Leon sa angkan ni Juda.” At tumingin si Juan upang makita ang Leon, at ang dumating roon ay isang Cordero, na nanginginig, Duguan Siya, sugatan. Siya ay nagtagumpay. Masasabi ninyong Siya ay nanggaling sa labanan. Siya ay pinaslang, subali’t Siya ay muling nabuhay.

194 Hindi napansin ni Juan ang Cordero na ito noon, alam n’yo, narito. Hindi man lang ito nabanggit noon. Hindi Ito nabanggit saan man. Hindi Ito nakita ni Juan, sa buong Kalangitan, sa kaniyang paghahanap. Datapuwa’t dito Ito ay dumating.

195 Pansinin kung saan Ito nagmula. Saan Ito dumating? Ito ay nanggaling mula sa Luklukan ng Ama, kung saan Siya ay nakaupo buhat pa nang Siya ay pagsalangin at nagbangong muli. “Siya ay nagbangon at lumuklok sa kanang kamay ng Diyos, na nabubuhay upang gumawa ng mga pamamagitan.” Amen. Bumangon doon, ngayon, bilang isang Tagapamagitan, sa pamamagitan ng Kaniyang Sariling Dugo, upang gumawa ng pamamagitan sa ’di pagkabatid ng mga tao. Ngayon, iyan ang Isa na aking inaasahan. Natatakpan pa rin Siya ng pampaputi, ang pampaputi sa kapatawaran ng kasalanan.

196 Tumingin si Juan sa Corderong iyon, at ang Cordero ay para bang gaya ng Siya ay pinaslang. At pagkatapos kaniyang napansin na Siya ay sugatan, at may hiwa, at may pasa, at nagdurugo. Isang Corderong duguan, iyan ang umako ng ating kalagayan. Hindi ba ito ay kakaiba, isang simpleng Cordero ang umako sa ating kalagayan? At nakita niya ang Cordero. Siya ay lumabas.

197 Hindi Siya nakita ni Juan, sapagkat nanggaling Siya buhat roon sa Kawalang Hanggan, nagsasagawa ng pamamagitan; at ipinakikita na ang mga nagsilapit sa Diyos, sa ilalim ng pag-aalay ng dugo ng mga toro, ng mga kambing, isang panghalili na handog, Siya rin ay . . . Pagkat, sila na nagsisampalataya nito, na tumuturo sa Kaniya. At ang Dugo ay hindi pa naibububo, kaya naroon Siya upang dalisayin sila. Siya ay naroon upang dalisayin kayo at ako.

198 At, O Diyos, inaasahan kong naroon Siya sa gabing ito. Para sa bawat makasalanan, ang Cordero ay pinaslang na. Papaanong makikita ni Jehovah ang anumang bagay kundi ang duguang Corderong iyon na nakatayo roon!

199 At ang Cordero ay lumabas na sa pangitain ngayon, na wari Ito ay pinaslang. Pansinin, na nagbuhat sa Luklukan ng Ama. Oh, isipin! Siya, saan Siya nagmulang lumapit, sa pangitaing ito? Siya ay nagmula sa Kaluwalhatian, kung saan Siya ay nakaupo sa kanang kamay ng Diyos. Siya ay lumapit, kay Juan, mula sa Kaluwalhatian.

200 Oh, hindi ba ito isang maluwalhating bagay kung ang ating mga kaisipang makasalanan, ngayong gabi, ay maisantabi nang husto upang tanggapin Siya, at Siya ay susulong palabas mula roon sa Kaluwalhatian, sa gabing ito, upang ipakilala ang Kaniyang sarili sa kanino man sa inyo!

201 Ang Cordero ay sumusulong mula sa Kaluwalhatian, upang mamagitan, mabuti, upang gawin ang pag-angkin ngayon para sa Kaniyang pagtubos! Tandaan, Siya ay nanggaling sa Kaniyang gawaing pamamagitan *dito*. Subali't, alalahanin, ang mga Tatak na ito ay nahahanda ng buksan, at ang Cordero ay nagmula sa sanktuwaryo ng Diyos, ay lumakad pasulong.

202 Maghintay hanggang sa tayo ay makarating doon, sa isang oras na iyon, makuha iyang "kalahating-oras" na Ito'y tahimik. Ang santuwaryo ay umuusok. Wala nang pamamagitan. Ang Hain ay lumisan na. Ito'y Luklukan na ng Paghuhukom. Wala ng anumang Dugo roon, sapagka't ang Corderong puno ng Dugo ay lumisan na. Huwag na kayong maghintay hanggang sa panahong iyan. Natatandaan doon sa Lumang Tipan? Habang ang dugo ay wala sa luklukan ng awa, iyon ay paghatol; ngunit habang naroroon ang dugo, ay mayroong awa. [Makalimang kinatok ni Kapatid na Branham ang pulpito—Pat.] Ngunit kapag lumisan na ang Cordero, iyon ay tapos na!

203 Sa ano Siya nanggaling? Siya'y nanggaling sa isang Pamamagitan. Walang ibang persona! Sabihin n'yo sa akin kung saan si Maria maaaring mamagitan kung gayon. Ano ba ang maaaring ihandog ni Maria? Ano ang magagawa ni San Francisco, ni San Assisi, o sinupaman, at si Santa Cecilia, nga pala, o sinupamang ibang tao? Walang nakita si Juan na isang libong santo na lumabas mula sa pamamagitan. "Isang

Cordero ang nakita niya, isang Cordero na pinaslang, duguan.” Hindi mahalaga sa akin kung gaano karaming mga banal ang pinatay; silang lahat ay karapat-dapat doon, ang bawat isa sa kanila. Gaya ng sinabi ng magnanakaw roon sa krus, “Nagkasala tayo, at dapat nating pagbayaran ito. Datapuwat ang Lalaking ito ay walang ginawa.” Siya lamang ang tanging Tao na karapat-dapat.

²⁰⁴ Narito Siya dumarating, buhat sa palko ng pamamagitan. Ano ba ang ipinarito Niya ngayon? Masdan Siya! Oh, oh, oh, naku! [Ipinalampak ni Kapatid na Branham ang kaniyang mga kamay ng tatlong ulit—Pat.]

²⁰⁵ Si Juan ay umiiyak. Nasaan bang lahat lahat ito? Ano ba ang magaganap?

²⁰⁶ Sabi, “Huwag kang umiyak, Juan,” sabi ng matanda. “Narito dumarating ang Leon. Siya ang Isa na nagtagumpay.” Nang siya’y tumingin, narito ang isang Cordero, duguan, na pinaslang.

²⁰⁷ Anumang bagay na pinatay ay duguan. Alam n’yo, ito ay pinatay. Ang leeg nito ay ginilitan, o ibang bagay. Ang dugo ay bumabalot dito.

²⁰⁸ Narito dumating ang isang Cordero, na pinaslang. At Siya ay lumapit, oh, naku, (ano?) upang isagawa ang Kaniyang pag-angkin sa Kaniyang pagtubos. Amen. Oh! Oh! Ako . . . Hindi ba ninyo sadyang nararamdaman na para bang pumaroon lamang sa isang sulok, maupo at umiyak sandali? Narito ang isang Cordero, duguan pa rin. Si Juan . . . Walang anumang bagay na naroon; lahat ng mga kilalang tao ay nakatayo sa palibot, ngunit walang sinuman sa kanila ang makagagawa nito. Kaya, narito ang Cordero, ngayon. Tapos na ang mga araw ng Kaniyang pamamagitan, ang mga araw ng pamamagitan.

²⁰⁹ Iya’y kapag ang Anghel na ito ay tatayo na roon. Maghintay kayo hanggang sa tumungo tayo sa mga Tatak. “At ang panahon ay hindi na magluluwat.” Iya’y tama. Iyang “kalahating oras na katahimikan.” Masdan kung ano ang magaganap sa kalahating oras na katahimikan na iyan, kapag ang Ikapitong Tatak na iyan, sa susunod na Linggo ng gabi, kung loloobin ng Panginoon.

²¹⁰ Siya ay dumating (ano?) upang kunin ang Kaniyang pag-aari ngayon. Oh, naku! Dumating upang kunin ang Kaniyang mga pag-aari! Ngayon, naganap Niya ang gawain ng Kamag-anak. Bumaba Siya, naging Tao, namatay. Naganap na Niya ang gawaing pagtutubos ng Kamag-anak, ngunit hindi pa natawag para sa Kaniyang pag-angkin. Ngayon Siya ay dumating sa tagpo upang kunin ang Kaniyang mga karapatan, (masdan kung ano ang magaganap) oh, naku, dahil sa kanila Siya ay pinaslang, dahil sa pagiging isang Kamag-anak sa tao, upang mamatay sa kaniyang lugar, upang tubusin siya. Ngunit, tama ang matanda nang sabihin niyang Siya ay isang “Leon,” kita n’yo. Tinawag Siya ng matanda, sabi, isang “Leon.” Sapagka’t, Siya ay naging

isang Cordero, isang Tagapamagitan, isang duguang Cordero, ngunit ngayon Siya ay dumarating bilang isang Leon. Ang mga araw ng Kaniyang pamamagitan ay tapos na.

²¹¹ “Hayaan siya na marumi ay magpakarumi pa. Hayaan siya na matuwid ay magpakatuwid pa. Hayaan siya na banal ay magpakabanal pa.” Ang bagay ay sarado na. Oh, kapatid na lalaki! Pagkatapos ay ano? Pagkatapos ay ano?

²¹² At, tandaan, ito ay darating sa ikapitong kapanahunan ng iglesya, kapag ang mga hiwaga ng Diyos mabuksan na. Ngayon masdan ng maigi. Ito ay bagay na kinakailangang makuha n’yo. Ngayon, ginagawa Niya ang Kaniyang gawaing pamamagitan, nagsasagawa ng pamamagitan para sa mananampalataya. Sa loob ng dalawang libong taon na Siya’y naroon, isang Cordero. Ngayon Siya ay humahakbang mula sa Kawalang Hanggan, upang kunin ang tituladong Aklat, at upang buksan ang mga Tatak, at ihayag ang mga hiwaga. Kailan ito? Sa huling panahon.

²¹³ Nakuha n’yo ba ito? [Ang kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Mabuti, magpapatuloy tayo kung gayon.

²¹⁴ Ngayon, binuksan ang mga Tatak at kinalagan lahat ng mga hiwaga sa kanila, sa ikapitong anghel, na ang Mensahe ay upang ihayag lahat ng mga hiwaga ng Diyos. Ang mga hiwaga ng Diyos ay nakapaloob sa mga Pitong Tatak na ito. Kita n’yo? Iya’y kung ano ang sinabi Niya rito. Lahat ng mga hiwaga ay nakapaloob sa Pitong Tatak na ito.

²¹⁵ At ang Cordero ay lumabas ngayon, mula sa pagiging isang Tagapamagitan sa pagitan ng Diyos at tao. Siya ay naging isang Leon. At nang Siya ay maging isang Leon, kinuha Niya ang Aklat. Iya’y ang Kaniyang mga karapatan. Hawak Ito ng Diyos, ang hiwaga, ngunit ngayon ang Cordero ay dumating.

²¹⁶ Walang sinuman ang maaaring kumuha ng Aklat. Ito’y nasa mga kamay pa rin ng Diyos. Walang papa, pari, maging anupaman, hindi nila maaaring kunin (hindi) ang Aklat. Ang Pitong Tatak ay hindi pa nahahayag. Kita n’yo?

²¹⁷ Ngunit nang, ang Tagapamagitan, nang matapos na ang Kaniyang gawain bilang isang Tagapamagitan, Siya ay lumabas. At si Juan. . . Ang sabi ng matanda, “Siya’y isang Leon.” At Siya ay lumabas. Masdan Siya. Oh, naku! Kita n’yo? Siya ay lumapit upang kunin ang Aklat, ngayon masdan, upang ihayag ang mga hiwaga ng Diyos, na hinulaan lamang ng iba, sa lahat ng kapanahunan ng mga denominasyon na ito.

²¹⁸ Kita n’yo, pagkatapos, ang ikapitong anghel. Kung ang Aklat na ito, mga hiwaga, ay ang Salita ng Diyos, ang ikapitong anghel ay kailangang maging isang propeta, para datnan ng Salita ng Diyos. Walang mga pari, mga papa, o anumang bagay pa, ang makakakuha Nito; ang Salita ay hindi dumarating sa

mga gayon. Ang Salita ng Dios ay dumarating lamang sa isang propeta, palagi. Nangako ang Malakias 4 ng gayon. At kapag siya ay dumating, kukunin niya ang mga hiwaga ng Diyos, kung saan ang iglesya ay lubos na nag-alinlangan sa lahat ng mga denominasyon na ito, “At ipanunumbalik ang Pananampalataya ng mga anak pabalik sa mga ama.” At pagkatapos darating ang paghahatol sa ng sanlibutan, at susunugin ang mundo. At pagkatapos ang mga matuwid ay magsisilalakad sa mga abo ng masama, sa Milenyum.

219 Nauunawaan na ba ninyo ito ngayon? [Kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Mabuti.

220 Hinulaan lamang ng iba, sa kapanahunang denominasyonal. Ngunit, kita n’yo, kailangan siyang maging ang taong ito, ang ikapitong anghel ng . . . Apocalipsis 10:1-4 ay isang . . . Ang ikapitong anghel ang may taglay ng mga hiwaga ng Diyos na ibinigay sa kaniya, at tinapos ang lahat ng mga hiwaga na napag-iwanan, sa loob ng mga kapanahunang denominasyonal.

221 Ngayon makikita ninyo kung bakit hindi ko tinitira ang mga kapatid sa denominasyon. Ito’y ang sistema ng denominasyon! Hindi nila, hindi na nila kailangan sa kanila upang pagsisikapin pa upang malaman Ito, sapagka’t Ito ay hindi maaring mahayag. Iya’y ayon sa Salita. Nagbakasakali sila Rito, at naniwalang Ito ay naroon, at sa pananampalataya ay nagsilakad sa pamamagitan Nito, ngunit ngayon Ito’y malinaw na pinapatunayan. Amen. Oh, naku, ano’ng isang— ano’ng Kasulatan!

222 Ngayon masdan. Kung gayon ito ay Siya, ang Cordero, na kumukuha ng Kaniyang Makaharing kalagayan, kapag ang Kaniyang mga banal ay dumating upang koronahan Siya, “Panginoon ng mga panginoon, at Hari ng mga hari.” Kita n’yo?

223 Kita n’yo, “Ang panahon ay tapos na.” Apocalipsis 10:6, “Wala nang panahon.”

224 Pansinin, mayroong “pitong sungay” ang Corderong ito. Napansin n’yo ba ito? “Mayroong pitong sungay.” Katatapos pa lamang natin diyan. Ang *mga Sungay* ay nangangahulugang “kapangyarihan,” sa hayop. At, pansinin, hindi Siya isang hayop, sapagka’t kinuha Niya ang Aklat mula sa kanang kamay Niya na nakaluklok sa Trono. Kita n’yo? Pansinin. Oh, naku!

225 Naniniwala ako na naisulat ko iyan kung saan; oh, upang buksan ang mga Tatak, at upang kalagan ang titulo, ang titulo, at ang—ang Mensahe sa huling anghel. At kinuha Niya ang Makaharing Kaniyang kalagayan. Iya’y kung ano ang ipinarito Niya upang gawin.

Ngayon masdan, nang Siya ay lumabas, “Ang pitong sungay.”

226 Ngayon, nang makita niya ang Corderong ito, si Juan ay nakatingin Dito, Ito—Ito ay para bang Siya ay pinaslang, duguan. At nanggaling Siya sa Kawalang Hanggan, at tumigil Siya sa pagiging isang Tagapamagitan.

227 Kung gayon manalangin kay Maria hanggang gusto n'yo! “Walang sinumang tao sa Langit, at sa lupa, o walang persona, walang tao saan man, ang makakukuha nito.” Umiyak pa nga si Juan patungkol dito. Oh, kaibigang Katoliko, hindi n'yo ba nakikita iyan? Huwag manalangin sa ilang patay na tao.

228 Ang Cordero ay ang tanging Tagapamagitan. Kita n'yo? Siya ang Nag-iisa na lumabas. At ano ang ginawa Niya ngayon? Siya'y matagal na ritong namamagitan, hanggang sa ang Kaniyang Dugo ay tumubos para sa bawat tao. At ang Cordero, ngayon, ay nalalaman kung ano ang nasusulat sa Aklat. Kaya, alam Niya mula pa ng itatag ang sanlibutan na ang kanilang mga pangalan ay Naroon, kaya Siya ay tumayo rito at ti- . . . at—at, ngunit, ginawa ang gawaing Pamamagitan gaya nito hanggang . . . gawaing pamamagitan, hanggang sa ang bawat isa na nailagay sa Aklat ay matubos, at ito'y tapos na. At ngayon Siya ay lumakad palabas. Kita n'yo? Nagawa na Niya ang Kaniyang gawaing Kamag-anak. Siya ang lahat. . . Alam n'yo kung ano ang gawain ng Kamag-anak? Upang magpatotoo sa harapan ng mga matatanda. Natatandaan n'yo ba si Boaz na inaalang ang kaniyang sapatos, at iba pa? Nagawa na niya ang lahat ng ito ngayon.

229 Ngayon dumating Siya upang kunin ang Kaniyang Nobya. Amen. Dumating Siya ngayon bilang Hari. Siya ay naghahanap para sa Kaniyang Reyna. Amen. Amen. Sa Aklat na ito ay ang buong lihim Nito, na nababalutan, ng Pitong Tatak. Oh, kapatid! Ang Pitong Tatak, ay naghihintay sa Kaniya na dumating. Pansinin.

230 Kunin natin ang mga simbolong ito. Buweno, ito'y ika-siyam pa lamang. May tatlong oras pa tayo o higit pa, upang magpatuloy. Mayroon tayo. . . atin lamang. . . patuloy na sinasabi sa akin ni Satanas na ang mga taong iyon ay napapagod na, kaya palagay ko gayon nga. Ngunit hayaan— kunin natin ito, kahit paano.

231 “Pitong Sungay” ay ang pitong iglesya, kita n'yo, ang pitong kapanahunan ng igelsya, sapagka't iyan ay ang panananggalang ng Cordero. Ang ipinanggalang Niya sa Kaniyang mga karapatan, sa lupa, ay isang grupo na sinugo-ng-Dios na sanggalang; kita n'yo, ang sungay sa Codero.

232 “Pitong Mata” ay ang pitong mensahero ng pitong kapanahunan ng iglesya. “Pitong mata,” pitong tagakita.

233 Nais n'yo bang magsulat ng ilang Kasulatan? Tayo ay magbukas lamang doon. Ano ang sinasabi ninyo, may sapat ba kayong panahon? [Kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Mabuti.

Dumako tayo sa Zakarias, ang Aklat ni—ni Zakarias, sadyang kaunti lamang, at tayo’y—tayo’y babasa ng ilan dito.

²³⁴ Akong— hindi ko gustong pagtagalin kayo ng husto sa mga bagay na ito. At—at ako . . . Ngunit, gayunman, hindi ko gustong di ninyo maunawaan ito. Ano pa ang mas mahalaga kaysa rito? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Oo. Ano pa . . . [Isa sa kongregasyon ay nagsabi, “Kapatid na Branham?”] Ano? [“Huwag mong sukatin iyan.”] Wala ng mas mahalaga kaysa sa Buhay na Walang Hanggan sa isang tao. At tayo ay kinakailangang—kinakailangang kunin natin ito ngayon, at—at maging tiyak na makuha natin ito. Tama. Tama, ginoo.

²³⁵ At ngayon nais nating basahin ang ika-3 kabanata ng Zakarias. Palagay ko iya’y tama, ngayon, Zakarias 3. Kukunn lamang natin ang mga simbolong ito rito, kung naisulat ko ang aking mga Kasulatan. Sadyang naghihihiyaw ako sa buong dako, kaninang hapon, nang mahagip ko ito. Kaya ako—hindi ko alam kung nakuha ko ito ng tama, o hindi. Inaasahan kong nakuha ko. Sa Zakarias 3, tingnan natin kung ito’y . . . Mayroon akong 89 dito, ngunit marahil ito ay 8 hanggang 9. Tama. Tama. Alam kong hindi ito maaring maging 89. Zakarias 3:8 at 9.

Dinggin mo ngayon, O Josue na pangulong saserdote, ikaw, at ang iyon mga kasama na nangakaupo sa harap mo: sapagkat sila’y mga taong pinaka tanda: sapagkat, narito, aking ilalabas ang aking lingkod na SANGA (Si Cristo).

Sapagkat narito ang bato na aking ilalagay sa harap ni Josue; sa ibabaw ng (bato) isang bato ay magkakaroon ng pitong mata: (pitong mata), narito, aking iuukit ang ukit niyaon, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, . . . Aking aalisin ang kasamaan ng lupaing yaon sa isang araw.

²³⁶ Ngayon tayo’t magbukas sa Zakarias 4:10, 4:10. Pakinggan.

. . . sinong nagsihamak sa araw ng maliliit na bagay (Ang Diyos sa kasimplehan, kita n’yo)? Sapagka’t sila’y mangagalak, at . . . makikita nila ang pabatong tingga sa mga kamay ni Zorobabel na . . . na kasama ang pitong iyon; ang mga ito’y mga mata ng PANGINOON, na nangagpaparoo’t parito sa buong lupa.

²³⁷ “Ang pitong mata.” *Mga mata* ay nangangahulugang “pangkita.” Ang *pagkita* ay nangangahulugang “mga propeta, mga tagakita.” May pitong sungay ang Corderong ito, at sa bawat sungay ay may mata, “pitong mata.” Ano ito? Si Cristo at ang Kaniyang Nobya; ang pitong kapanahunan ng iglesya. Mula roon ay pitong propeta na nagsilayo, pitong tagakita, mga mata. Kaya, ang isang pinakahuli ay kailangang maging isang tagakita. [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng dalawang ulit nang sabihin niyang, “isang tagakita.”—Pat.] Tama.

238 Pansinin, Siya ay hindi isang hayop. “Kinuha Niya ang Aklat mula sa kanang kamay Niya na nakaupo sa Luklukan.” Sino Ito? Ang—ang May-ari, ang tunay na May-ari, na may taglay ng Aklat ng Katubusan sa Kaniyang kanang kamay. At walang Anghel, walang maka-Anghel na Nilalang, wala nang iba, ang makakakuha ng lugar na yaon. “At ang duguang Corderong ito ay lumakad palabas at kinuha ang Aklat mula sa Kaniyang kamay.” Whew! Ano nga ito? Kapatid, ito ang bagay sa Kasulatan. Amen. Isang gawa na wala ni isang Anghel, walang anumang bagay, walang makagagawa nito. “At dumating ang Cordero at kinuha Ito mula sa kanang kamay Niya na nakaluklok sa Trono.”

239 Ano iyon? Ngayon Ito ay pag-aari na ng Cordero. Amen. Ang hinihiling ng kautusan ng Diyos ay humiling. Siya ang Isa na may tangan Nito. Ang kautusan ng Diyos ay humiling ng isang Kamag-anak na Manunubos. At lumabas ang Cordero, hawak-hawak Ito, “Ako ang kanilang Kamag-anak. Ako ang kanilang Manunubos. Ako ngayon. . . Namagitan ako para sa kanila, at ngayon Ako’y naparito upang angkinin ang kanilang mga karapatan para sa kanila.” Amen. Naroon ang tanging Nag-iisa. “Naparito Ako upang ariin ang kanilang mga karapatan. Sa pamamagitan niyan, sila ay may karapatan sa lahat ng nawala sa pagkakahulog, at binayaran Ko na ang halaga.”

240 Oh, kapatid! Whew! Hindi ka ba nakakaramdam ng pagka-relihiyoso sa iyong kalooban? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] “Hindi sa pamamagitan ng mabubuting mga gawa na ating nagawa, kundi sa pamamagitan ng Kaniyang awa.”

241 Oh, hintay sandali! At silang matatanda at ang lahat ng iba pang mga bagay ay nagpasimulang ihagis ang mga korona, at ang mga dignitaryo ay nagpasimulang magpatirapa sa lupa, kita n’yo.

Walang sinuman, walang sinuman ang makagagawa nito.

242 At lumakad Siya mismo patungo sa kanang kamay ng Diyos, at kinuha ang Aklat mula sa Kaniyang Kamay, at inangkin ang Kaniyang mga karapatan. “Namatay Ako para sa kanila. Ako ang kanilang Kamag-anak na Manunubos. Ako nga. Ako ang Tagapamagitan. Ang Aking Dugo ay nabubo. Ako’y naging Tao. At ginawa Ko ito upang maibalik muli ang Iglesyang iyan, ang Isa na Aking nakita bago pa itinatag ang sanlibutan. Hinangad ko Ito. Binigkas Ko Ito, Ito’y mapaparoon. At walang sinuman ang makakakuha Nito, ngunit Ako ay bumaba at nagawa ito, Ako Mismo. Ako ang Kamag-anak nila. Ako’y naging kamag-anak.” At kinuha Niya ang Aklat. Amen!

243 Oh, Sino ang naghihintay Roon para sa akin ngayong gabi? Sino ba ang Isang iyon, iglesya, na naghihintay Roon? Ano pa ang makapaghihintay Roon para sa inyo? Ang Kamag-anak na

Manunubos na iyon! Oh, naku! Anong isang dakilang pahayag, o gawa!

²⁴⁴ Ngayon nasa Kanya na ang titulo sa pagtubos. Taglay na Niya Ito sa Kaniyang kamay. Ang pamamagitan ay tapos na ngayon. Taglay na Niya Ito sa Kaniyang kamay. Tandaan, Ito’y dating nasa kamay ng Diyos, sa lahat ng panahon, ngunit ngayon Ito’y nasa kamay na ng Cordero. Ngayon masdan. Ang titulo ng pagtubos, nang lahat ng sangnilikha, ay nasa Kanyang kamay. At naparito Siya upang bawiin Ito, din, para sa sangkatauhan. Hindi bawiin Ito para sa mga Anghel. Binawi Ito para sa mga tao, na kung saan Ito’y ipinagkaloob, upang gumawa ng mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos muli; dalhin sila pabalik sa hardin ng Eden, ang lahat ng bagay na naiwala nila; ang buong sangnilikha, ang mga punong kahoy, ang buhay ng mga hayop, lahat ng iba pang mga bagay. Oh, naku!

²⁴⁵ Hindi ba kayo nakakaramdam ng mabuti? Whew! [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Naisip kong pagod na ako, pero ako’y hindi na ngayon. Kita n’yo? Kung minsan iniisip kong ako’y nagiging—masyado nang tumatanda para mangaral, at pagkatapos makakikita ako ng bagay na tulad niyan, at naiisip kong ako’y nasa isang kabataang lalaki muli. Oo. Uh-huh. Hum! May bagay na ginagawa ito sa inyo. Kita n’yo?

²⁴⁶ Sapagka’t alam ko ito, na may Isang Naroon na naghihintay sa akin. Mayroong Isa na nagbayad nang halaga na hindi ko kayang bayaran. Iya’y tama. Ginawa Niya ito para sa akin, Charlie. Ginawa ito para sa inyo. Ginawa Niya ito para sa buong sangkatauhan. At ngayon naparito Siya upang angkinin ang Kaniyang mga karapatan sa pagtubos. Inangkin Niya ito para kanino? Hindi para sa Kaniyang Sarili; para sa atin. Siya ay isa sa atin. Siya ay ating kamag-anak. Oh, naku! Siya ay aking Kapatid. Siya ay aking Tagapagligtas. Siya ay aking Diyos. Siya ay aking Kaanak na Manunubos. Siya ang lahat. Sapagka’t ano ba ako kung wala Siya, o magiging ano ba ako kung wala Siya? Kaya, kita n’yo, Siya ang Lahat sa akin. At Siya ay nakatayo Roon bilang kamag-anak natin. At ngayon Siya’y laging namamagitan sa atin, hanggang sa oras na ito. At ngayon naparito Siya at kinuha ang Aklat ng Katubusan, upang aangkinin ang Kaniyang mga karapatan, sa kung anong Kaniyang ginawa para sa atin.

²⁴⁷ Sila ay namatay. Sabi ni Jesus, “Siya na sumasampalataya sa Akin, bagaman siya’y patay, gayunma’y siya’y mabubuhay. Sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay hindin hindi mamamatay. Siya na kumakain ng Aking laman at umiinom ng Aking Dugo ay may Buhay na walang hanggan, at Akin siyang ibabangon sa huling araw.”

²⁴⁸ Kahit pa, nakatulog siya sa unang pagbabantay, ikalawa, ikatlo, ikaapat, ikalima, ikaanim, o ikapito, saan man siya nakatulog. Ano'ng mangyayari? Tutunog ang trumpeta ng Diyos. Ang huling trumpeta iyan ay tutunog ng todo, sa gayunding oras na ang huling anghel ay nagbibigay ng kaniyang Mensahe at ang huling Tatak ay nabuksan. Ang huling trumpetang iyan ay tutunog, at ang Manunubos ay nagbibigay upang kunin ang Kanyang tinubos na mga pag-aari, ang Kaniyang Iglesia, nahugasan sa Dugo.

²⁴⁹ Ngayon, oh, ang buong sangnilikha ay nakasalalay sa Kanyang kamay ngayon, kung saan ang buong panukala ng katubusan ay natatakan ng pitong mahiwagang Tatak, sa Aklat na ito na Kaniyang kinuha. Ngayon masdan. "At tanging Niya lamang ang makapaghahayag Nito sa kaninumang ibigin Niya." Taglay Niya Ito sa Kaniyang kamay, kita n'yo. Ngayon, ipinangako Niya na ito ay magiging sa panahong iyon, ngayon, sapagka't Ito ay natatakan ng Pitong Tatak ng hiwaga, ang Aklat ng Katubusan. Ngayon masdan. Habang ngayon . . .

²⁵⁰ Mga kaibigan, sinabi ko sa inyo, na hahayaang makakalabas kayo rito ng ikawalo't kalahati, ngunit nilagpasan ko ang tatlo o apat na pahina rito, upang makarating dito. Kaya ibig ko . . . Ako'y lagpas na ika-siyam. Upang makabalik kayo bukas.

²⁵¹ Ngunit ngayon sa pitong tupi na ito ng Aklat ng mga Tatak, ng katubusan, na kinuha ng Cordero, sa Kaniyang Sarili, ay ang Tanging Isa na makagagawa nito. At kinuha Niya Ito mula sa kanang kamay Niyaong nakaluklok sa Trono, ngayon, upang ariin ang Kanyang pagtubos, upang angkinin ang Kaniyang mga karapatan. Upang bawiin, para sa akin at sa inyo, mula kung saan Niya tayo tinubos, sa, kita n'yo, pabalik sa lahat ng bagay na naiwala ni Adam sa hardin ng Eden. Tinubos na Niya tayo pabalik doon.

²⁵² Ngayon kasama ang Cordero, na taglay ang Aklat sa Kaniyang mga kamay, nakahanda tayo upang hilingin ang Kanyang biyaya at awa sa atin, upang buksan ang Aklat na may Pitong Tatak sa atin, at pahintulutan tayong tumingin lampas sa tabing ng panahon, kahit kaunti lamang. Oh, naku! Pansinin nang kinuha Niya ang Aklat, ang titulo, na natatatakan, (ilagay lamang ito sa inyong kaisipan ngayon), at binuksan ang mga Tatak ng hiwaga, upang ihayag ang mga ito, upang dalhin ang mga ito sa Kanya, kita n'yo, ang lahat ng Kanyang mga nasasakop na tinubos.

²⁵³ Ngayon, kapag nahagip natin ito sa mga Tatak, babalik tayo'y roon at makikita ang mga kaluluwang iyon sa ilalim ng dambana, na sumisigaw, "Panginoon, hanggang kailan, hanggang kailan?"

254 At dito Siya ay isang Tagapamagitan, sa dambana, “Sandali na lamang, hanggang sa mayroon pang mas marami ang kailangan magdusa na gaya n’yo.”

255 Ngunit ngayon Siya ay dumating mula rito, sa huling Tatak na ito. Hindi na Siya Tagapamagitan. Siya ay Hari na ngayon. At ano ang Kanyang ginagawa? Kung Siya’y isang Hari, kinakailangang magkaroon Siya ng mga nasasakupan. At ang Kanyang mga nasasakupan ay sila na Kanyang mga tinubos, at hindi sila makaparoroon sa harapan Niya liban na kunin Niya ang mga karapatan ng pagkatubos. At ngayon lumakad Siya, mula sa isang Tagapamagitan; kung saan inilagay tayo ng kamatayan sa libingan, naparito Siyang taglay ang mga karapatan. Amen.

256 “At maging yaong nangabubuhay at nangatitira hanggang sa Kanyang Pagdating, ay hindi mangauuna sa mga nangatulog. Sapagka’t ang trumpeta ng Diyos ay tutunog, sa huling trumpetang yaon.” Kapag ang huling Tatak ay binuksan na, at kapag ang ikapitong anghel ay nagbibigay na ang kanyang Mensahe, “Tutunog ang huling trumpeta, at ang mga nangamatay kay Cristo ay mangabubuhay. At tayo na nangabubuhay at nangatitira ay aagawing kasama nila, upang salubungin Siya sa hangin.” Inangkin Niya! Naparito Siya ngayon upang angkinin ang Kanyang—Kanyang pag-aari.

257 Masdan! Tumingin dito! Naku! Binuksan ang mga Tatak, inihayag ang mga hiwaga. Inihayag ang mga ito (saan?) sa pinakahuling kapanahunan ng iglesya, ang tanging isa na nabubuhay. Ang iba sa kanila ay nangatutulog.

258 Sabi niya, “Kung Siya ay dumating sa unang pagpupuyat, ikalawang pagbabantay, ikatlong pagbabantay, hanggang sa ikapitong pagbabantay.” Sa ikapitong pagbabantay, doon lumabas ang isang—isang utos, o isang pagtawag, “Narito, dumarating ang Kasintahang Lalaki!”

259 At nang marinig nila, ang mga natutulog na dalaga, ang naturingan lamang na mga iglesya, ay nagsipagsabi, “Oh, alam n’yo, ako—ako’y naniniwala ng ibig kong magkaroon ng Espiritu Santong iyan.” Napansin n’yo ba ang mga Presbiteryan at mga Episcopalian? Narinig n’yo ba ang Mensahe ko sa Phoenix, sa kanila na mga kalalakihang nangakatayo roon, sa *Tinig* at doon, nangagsasabing. . . Buweno, ano’ng nangyari sa may-akda naito, sinasabing, “Banal na Amang *Kuwan-at-kuwan*”? Samantalang, sinabi ng Biblia, “Huwag tatawagin ang sinuman ng, ‘Ama,’ gaya niyan.” Kita n’yo, sila’y nangatutulog na kasama nila, iyan ang dahilan, ngunit nang sila ay pumarito at nagsabi, “Oo, naniniwala kami.”

260 Isang babae na sadyang tumawag sa isa pang babae, nagsabi, “Alam mo, ako’y isang Episcopalian.” Sabi, “Ako—ako—ako ay nagsalita ng mga wika, noong nakaraang araw. Naniniwala

akong natanggap ko ang Espiritu Santo, ngunit, sh, huwag sasabihin kaninuman.” Pinag-aalinlanganan ko ng husto iyan. Maaaring nakapagsalita kayo ng mga wika. Ngunit, ilagay mo ang isang tao sa Apoy, papaano siya makakapanatiling tahimik nakaupo? Iya’y tama. Kita n’yo? Kita n’yo? Hindi magagawa nito.

261 Maisip n’yo ba si Pedro, at Santiago, at Juan, at silang nangasa silid sa itaas, nagsisipagsabing, “Oh, nakuha na namin ang Espiritu Santo ngayon, ngunit marahil mas mainam pang magsipanatili na lamang tayong tahimik”? Kapatid, sa pamamagitan ng mga bintana, mga pintuan, at lahat na, nagsilabas sila, tungo sa mga lansangan, nagsisikilos gaya ng isang pangkat ng mga lasing. Iya’y ang tunay na Espiritu Santo.

262 Ngunit, kita n’yo, ang mga natutulog na dalagang iyan ay walang natatanggap na anuman, kahit paano. Uh-huh. Iya’y tama. At tandaan, habang sila ay nagtungo upang sikaping makabili ng Langis, alalahanin, hindi sinabi ng Kasulatan na nakuha nila Ito.

263 Ngunit samantalang sila’y nasa labas na sinisikap na mabili Ito, dumating ang isang tunog. Ano’ng nangyari? Lahat yaong mga dalaga na nangatulog, ay nagsibangon at pinag-igi ang kanilang mga ilawan, “at nagsiparoon sa Hapunan.” Tama ba iyan? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.]

264 At ang iba ay naiwan para sa panahon ng Kapighatian, tama, “Pananangis, pagtaghoy, at pagngangalit ng mga ngipin.” Iya’y ang iglesya, hindi ang Nobya; ang iglesya.

265 Ang Nobya ay nagsipasok na. Mayroon isang malaking pagkakaiba sa pagitan ng iglesya at ng Nobya. Oo, ginoo! Uh-huh. “Nagsipasok sa Hapunan ng Kasalan.” Oh, pansinin, naku! [Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang kaniyang mga kamay ng minsan—Pat.]

266 Ang mga Tatak ay nabuksan (bakit?) sa huling kapanahunan ng iglesya, upang ihayag ang mga Katotohanang ito. Bakit? Binuksan ng Cordero ang mga Tatak at inihayag ang mga ito sa Kaniyang Iglesya, sa layuning tipunin ang Kaniyang mga nasasakupan para sa Kanyang Kaharian. Ang Kaniyang Nobya, kita n’yo! Oh, naku! Ibig Niyang dalhin ang Kaniyang mga nasasakupan sa Kaniyang ngayon.

267 Ano to? Buhat sa alabok ng lupa, mula sa kailaliman ng karagatan, mula sa mga hukay, mula sa lahat ng dako at bawat lugar, mula sa—mula sa mga rehiyon ng kadiliman, mula sa paraiso, saan man sila naroon. Siya’y tatawag, at sila’y sasagot. Amen! Amen! [Kongregasyon, “Amen.”] Tatawag Siya, at sila’y sasagot.

268 Naparito Siya upang kunin ang Kanyang mga nasasakupan. Inihayag Niya ang Kanyang mga lihim, at nakita nila Ito. “At

ang panahon ay tapos,” sa oras na iyon. “Ubos na ang panahon.” Ito’y tapos na. Tama.

²⁶⁹ Nilisan Niya ang Luklukan, upang maging isang Tagapamagitan, bilang isang Corderong pinaslang; upang maging isang Leon, Hari; upang dalhin ang sanlibutan sa Paghatol, silang na sa Kaniyang Mensahe. Siya’y hindi isang Tagapamagitan.

²⁷⁰ Alalahanin ang katuruan sa Lumang Tipan ngayon, sa pagmamadali natin. Kapag ang dugo ay wala na sa luklukan ng awa, ano ito? Luklukan ng paghatol.

²⁷¹ At kapag ang Cordero, na pinaslang, ay lumakad nang pasulong buhat sa Walang Hanggan, mula sa Luklukan ng Ama, at kinuha ang Kanyang mga karapatan, ito ay isang Luklukan ng Paghatol. Pagkatapos Siya’y naging, hindi isang Cordero, kundi isang Leon, Hari, at tatawag Siya para sa Kaniyang Reyna upang pumaruong tumayo sa Kaniyang tabi.

²⁷² “Hindi n’yo бага nalalaman na ang mga banal ay magsisihatol sa sanlibutan?” Sabi ni Daniel, “Ang Paghatol ay itinakda na, at ang mga aklat ay nangabuksan; at sampung libong maka-sampung libung ulit ang naglilingkod sa Kaniya,” Hari at Reyna. “At pagkatapos panibagong Aklat ang binuksan, na siyang Aklat ng Buhay,” iya’y para sa iglesya. At ang Reyna at ang Hari ay nakatayo roon.

²⁷³ Gaya ng sinabi ng pagmumuni-muni ng isang koboy:

Kagabi habang ako ay nakahiga sa parang,
Pinagmasdan ko ng mabuti ang mga bituin sa
kalangitan,
At naisip ko kung ang isang koboy
Ay maaaring pumaroon sa kalugod-lugod na
dakong na iyon.

May isang landas sa maningning, masayang
Lugar na iyan,
Ngunit malamlam doon, isang landas, gaya ng
sinasabi nila,
Ngunit ang isang maluwang na patungo sa
kapahamakan
Ay napapaskilan at nagliliyab mula sa simula
hanggang dulo.
Sila ay nangungusap ng iba pang dakilang
Nagmamay-ari,

²⁷⁴ Siya ay nangungusap ayon sa mga termino ng kaniyang buhay sa bakahan. Kung sakaling kayo ay nasa isang pagtitipon, makikita n’yo ito ng malinaw.

Sila ay nangungusap ng iba pang dakilang
 Nagmamay-ari,
 At hindi Siya kailanman mapupuno, gaya ng
 sinasabi nila,
 Palagi Siyang may puwang para sa isang
 makasalanan
 Na magtutungo sa matuwid, makipot na daan.
 Sabi nila hinding-hindi ka Niya itatatwa,
 At nalalaman Niya ang bawat kilos at tingin;
 Sapagka't, para sa kaligtasan, mainam na
 tayo'y ma-markahan,
 Ang ating pangalan ay mapasa Kaniyang
 mahalagang talaang Aklat.
 Sapagka't sinasabi nilang magkakaroon ng
 isang dakilang pagtitipon,
 Kapag ang mga koboy gaya ng mga aso ay
 magsisitayo,
 Upang matatakan ng mga mangangabayo ng
 paghatol,
 (silang mga propeta at mga tagakita)
 Na nakatalaga at nalalaman ang bawat uri.

²⁷⁵ Kung sakaling ikaw ay nasa isang pagtitipon, makikita mo ang namumuno na nakatayo roon, at ang mangangabayo, at nagpapaikot-ikot sa kawan ng bakang iyon. Makikita niya ang kaniyang tatak sa pagdaraan, at siya ay sesenyas sa namumuno. At titingnan ito ng namumuno, at tatanguan siya. Tatakbo ang kanyang kabayo papasok mismo, palibot, sa palibot ng sa paikot na ito, nag-uusliang sa langkay ng mga sungay gaya niyan, at kukunin ang kaniyang mga baka palabas. Kita n'yo?

Sinasabi nilang magkakaroon ng isang
 dakilang pagtitipon,
 Kapag ang mga koboy gaya ng mga aso ay
 magsisitayo,
 Upang matatakan ng mga mangangabayo ng
 paghatol,
 Na nakatalaga at nalalaman ang bawat uri.
 (Kita n'yo?)

²⁷⁶ Kaya sinabi niya:

Palagay ko ako'y magiging isang ligaw na
 guyang baka,
 Isang tao lamang na hinatulan upang
 mamatay, walang tatak, (siya, gumagawa
 sila ng sinabawan mula sa kanya, kita n'yo),
 Na aalisin sa langkay kasama ng mga
 masasagwa,
 Kapag ang Namumuno ng mga mangangabayo
 iyon ay nagdaan.

277 Nakita n'yo ba kung Sino Ito? Ang Namumuno ng mga mangangabayo. Iya'y ang Cordero, para sa pitong mensahero na siyang nakatalaga at nakakaalam ng bawat uri. Kita n'yo? Hum!

278 Pansinin, dito Siya dumarating. Nilisan ang Luklukan, bilang isang Tagapamagitan, bilang isang Corderong pinaslang; upang maging isang Leon, Hari, upang dalhin ang buong sanlibutan sa Paghatol, na nagsitanggi. Ang ating Kamag-anak na Manunubos kung gayon ay ang Hari ng lahat. Bakit? Hawak Niya ang titulo ng katubusan. Lahat Ito ay naksalalay Kanyang kamay. Ako'y nagagalak na kilala ko Siya. Kita n'yo?

279 Pagkatapos inangkin ang Kaniyang mana; iya'y ang Iglesia, ang Nobya. Inangkin Niya Ito.

280 Ano ang ginawa Niya pagkatapos? Tinapos Niya ang Kaniyang katunggali, si Satanas. Itinapon Niya siya sa isang Dagat-dagatang Apoy, kasama ang lahat niyaon na kinasihan ni Satanas, upang tanggihan ang Kaniyang Salita ng katubusan.

281 Siya ay Hari ngayon. Ang awa ay nasa Luklukan pa rin. Huwag n'yong tanggihan ang Kaniyang alok. Kita n'yo? Sadyang nakikilala ng mga mangangabayo kung sino kayo.

282 At, ngayon, ang Kaniyang katunggali, na nagbigay sa Kaniya ng problema sa loob ng dalawang libong taon, na nag-aangking, "Maari kong gawin sa kanila ang ibig ko. Akin pa rin sila. Sila'y akin. Ako . . . Naiwala nila ang titulo roon."

283 Ngunit Siya ang Kamag-anak na Manunubos. Sabi Niya Siya ay narito na gumagawa ng pamamagitan ngayon. Ngunit balang araw . . .

Sinasabi niya, "Ilalagay ko sila sa libingan."

284 Ngunit sinabi Niya sa Iglesia, "Ilalabas Ko kayo." Kita n'yo? "Ngunit, una, kinakailangang Ako'y maging isang Tagapamagitan."

285 Ngayon Siya ay dumating, humakbang palabas mula roon sa Kawalang Hanggang, buhat sa Luklukan ng Ama, kung saan Siya ay umupo bilang isang Tagapamagitan. Ngayon Siya ay dumating upang maging Hari, oh, upang pagharian ang lahat ng mga bansa sa pamamagitan ng isang tungkod na bakal. Ang paghatol ay handa na. Oh, kapatid, ang ating Kamag-anak na Manunubos ang may hawak ng lahat ng ito. Iya'y tama. Oo. ginoo.

286 Ano ang Kanyang ginawa? Tinawag Niya iyang kamay ng katunggali, si Satanas. "Sila'y Akin na ngayon. Ibinangon Ko sila mula sa libingan." At kinuha Niya ang lahat ng mga sinungaling, at ang mga nagsisipagbaluktot ng Salita, at lahat ng tulad niyan, kasama ni Satanas, at nilipol sila sa Dagat-dagatang Apoy. Tapos na ang lahat sa kanya, ngayon. Ibinulid sila sa Dagat-dagatang Apoy. Oh, naku!

287 Alam ba ninyo kung ano? Nais kong—may bagay na nais kong sabihin dito bago tayo magtapos. At pagkatapos tayo’y—tayo’y—tayo’y magmamadali. Pansinin. Narito tayo ngayon sa ika-7 talata. Ngunit mula sa ika-8 talata, hanggang sa ika-14, ibig kong pansinin ninyo kung ano ang nagaganap.

Ang lahat ng *nasa langit*, at ang lahat ng *nasa lupa* . . .

288 Makinig lamang dito. Hayaan lamang akong basahin ito ngayon. Ako ay naniniwala na magiging mas mabuti kung babasahin ko na lamang ito mula sa Aklat, kasama ang ika-7 talata, kita n’yo. At masdan ang ika-6 na talata.

At aking—at aking nakita, nakita, at, narito, sa gitna ng luklukan at ng apat na nilalang na buhay, at sa gitna ng matatanda, ang isang Cordero na nakatayo na wari ay pinatay, na may pitong ulo. . . o pitong sungay (ang ibig kong sabihin) at pitong mata, (kapapaliwanag pa lang natin nito), na siyang pitong Espiritu ng Diyos na sinugo sa buong lupa.

289 Kita n’yo, pitong kapanahunan ng iglesya, ang pitong mensahero na nagpanatili sa Apoy na nagniningas. Kita n’yo? Mabuti.

At siya’y lumapit (ang Cordero) at kinuha ang aklat sa kanang kamay niyaong nakaupo sa luklukan—nakaupo sa luklukan.

290 Ngayon masdan. At nang magawa Niya iyan, masdan kung ano ang naganap. Mangusap kayo tungkol sa isang jubileo! Ngayon ito ay eksaktong pagbubukas ng mga Tatak na iyon, na naganap. Tutungo tayo sa “kalahating oras ng katahimikan,” pagkatapos lamang nito. Masdan ito, at tayo’y magsisimula. Tatapusin natin ito hanggang, sa susunod na Linggo ng gabi, mismo rito. At makinig ng mabuti ngayon. Handa na ba kayo? Sabihing, “Amen.” [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Makinig mabuti, ano ang nangyari nang ginawa Niya ito.

291 Nang ang lahat ng sangnilikha ay dumadaing; walang sinuman ang nakakaalam kung ano ang gagawin, at umiiyak si Juan. “Heto dumating ang Cordero, humakbang palapit!” At ang Aklat na ito ay nasa mga kamay ng—ng orihinal na Nagmamayari, sapagka’t ang tao ay nahulog at naiwala Ito. At walang sinumang tao ang may upang makakakuha Ito, muli, upang tubusin ang daigdig; walang pari, papa, wala, gaya ng aking sinabi. “Ngunit lumapit ang Cordero!” Walang Maria, walang santong *ganito*, o santang *ganiyan*. “Lumapit ang Cordero, duguan, pinaslang, at kinuha ang Aklat mula sa kanang kamay Niyaong nakalukluk sa Trono.” At nang kanilang makita na may isang Manunubos; at lahat ng—ng mga kaluluwa sa ilalim ng dambana, nang ang mga Anghel, nang ang mga matatanda, nang makita ito ng lahat ng bagay, nang maganap ito. Ito,

gayunman, nakasalalay sa hinaharap. Sa gabing ito Siya'y isang Tagapamagitan, ngunit Siya ay darating para dito. Masdan.

At pagkakuha niya ng Aklat, ang apat na nilalang na buhay at ang dalawangpu't apat na matatanda ay nangagpatirapa sa harapan ng Cordero, na ang bawa't isa'y may alpa, at mga mangkok na ginto na puno ng kamangyan, na siyang panalangin ng mga banal.

292 Iya'y yaong mga nasa ilalim ng dambana, na nagsipanalangin, sa mahabang panahon na. Kita n'yo, sila'y nagsipanalangin para sa pagtubos, nagsipanalangin para sa pagkabuhay na mag-uli. At dito ang mga ito—ang mga matatanda na ito ay ibinubuhos ang kanilang mga panalangin sa harapan . . . Pagkat, ngayon mayroon tayong isang Kinatawan, mayroon tayong isang Kamag-anak sa Langit, na dumating upang gawin ang Kaniyang pag-angkin.

At sila'y nangaga-awitan ng isang bagong awit, na nagsasabi, Ikaw ay karapatdapat na kumuha ng aklat, at magbukas ng mga tatak nito: sapagka't ikaw ay pinatay, at tinubos kami sa aming Diyos (masdan) ng iyong dugo ang mga tao sa bawa't angkan, . . . wika, at bayan, at bansa;

At kami'y iyong ginawang kaharian at mga saserdote sa aming Diyos: at kami'y nangaghahari sa ibabaw ng lupa.

293 Ibig nilang magsibalik. At dito sila'y babalik, upang maging mga hari at mga saserdote.

294 Luwalhati sa Diyos! Nakadarama ako ng napakainam upang makapagsalita ng mga wika. Tingnan. Masdan. Oo. Ito ay tila parang wala akong sapat na lengguwahe; na maari ko Siyang purihin sa pamamagitan nito. Kailangan ko ng isa na ni hindi ko nalalaman.

295 Pansinin, "At nakita ko . . ." Pakinggan ito.

At nakita ko, at narinig ko ang tinig ng maraming mga anghel. . .

296 Pakinggan kung anong isang jubileo ang nagaganap! Nang makita nila ang Corderong iyan na lumapit at kinuha ang Aklat ng Katubusan, ang mga kaluluwa ay nagsigawan. Kukunin natin ito. Lahat, lahat bagay, ang matatanda'y nangagpatirapa. Ibinuhos nila ang mga panalangin ng mga banal. Ano? Mayroong kinatawan na isang Kamag-anak para sa atin. Nangagpatirapa sila sa kanilang mga mukha. At sila ay umawit nang isang awitin, at nagsabing, "Ikaw ang karapat-dapat, sapagka't Ikaw ay pinatay!" Masdan kung ano . . . At tingnan ang mga Anghel na ito.

At nakita ko, at . . . narinig ko ang tinig ng maraming mga anghel sa palibot ng luklukan at ng mga nilalang na

buhay at ng matatanda: at ang bilang nila ay sangpung libong tigasangpung libo, . . . ng libo; (Whew! Pansinin!)

Na nangagsasabi ng malakas na tinig, Karapatdapat ang Cordero na pinatay upang tumanggap ng kapangyarihan, at kayamanan, at karunungan, at kalakasan, at kapurihan, at kaluwalhatian, at mga pagpapala.

²⁹⁷ Ano'ng isang jubileo ang nagaganap sa Langit, nang pangunahan ng Corderong iyan, nilisan iyang kubol ng pamamagitan, upang pumarito upang kunin ang Kaniyang pag-aari!

²⁹⁸ Alam n'yo, iyan ay tumimo kay Juan. Nakita niya marahil ang kanyang pangalan na nakasulat doon. Nang mabuksan ang mga Tatak na iyon, siya marahil ay tunay na naging masaya. Pakinggan kung anong sinabi niya.

At bawa't bagay na nilalang na nasa langit, at nasa ibabaw ng lupa, at nasa ilalim ng lupa, . . . gaya ng . . . nasa dagat, at lahat ng . . . mga bagay na nasa mga ito, nasa mga ito, ay narinig ako, ako nagsasabi, mga Pagpapala, . . . kapurihan, . . . kaluwalhatian, . . . kapangyarihan, ay mapasa kanya niyaong nakaluklok sa trono, at sa Cordero magpakailan man. . . (Amen! Amen, at amen! Oh!)

At ang apat na nilalang na buhay ay nagsabi, Amen. At ang apat at dalawampung mga matatanda ay nangagpatirapa at nangagsisamba sa kanya na nabubuhay magpakailan kailan pa man.

²⁹⁹ Pag-usapan ang tungkol sa isang jubileo, pag-usapan ang tungkol sa isang panahon, kapag ang Corderong iyan ay humakbang na! Kita n'yo, ang Aklat ay natatakan maging sa Langit, ang mga hiwaga nga.

³⁰⁰ Sabihing, "Naroon ba ang aking pangalan?" Hindi ko alam. Inaasahan kong naroon ito. Ngunit, kung ito'y naroon, inilagay ito sa Aklat bago pa inatag ang sanlibutan.

³⁰¹ Ngunit ang unang bagay, na nagsalarawan ng katubusang iyan, narito ang Cordero na pinaslang buhat pa ng itatag ang sanlibutan. At kinuha Niya ang Aklat, (luwalhati!) binuksan ang Aklat, at kinalag ang mga Tatak; at ipinadala Ito pababa sa lupa, sa Kanyang ikapitong anghel, upang ihayag Ito sa Kanyang mga tao! [Labis na nagalak ang kongregasyon—Pat.] Hayan na kayo. Oh, naku! Ano'ng nangyari? Ang mga hiyawan, at mga sigawan, ang mga aleluya, ang pinahiran, ang kapangyarihan, ang kaluwalhatian, ang kaganapan! [Patuloy ang labis kagalakan ng kongregasyon.]

302 At ang matandang si Juan, na siyang nakatayo roon, ang ating kapatid, umiyak! “Bakit,” sabi niya, “lahat ng bagay sa Langit, lahat ng bagay sa lupa, at lahat ng bagay sa dagat, narinig akong humihiyaw ng, ‘Amen! Amen! Mga Pagpapala, kapurihan, at kalakasan, at kapangyarihan, ay mapasa Kanya na nabubuhay magpakailan pa man.’”

303 Pag-usapan ang tungkol sa isang masayang panahon, nang ang mga Tatak na iyon ay mabuksan! Maaring si Juan ay tumingin sa loob at nakita ang lagpas sa tabing ng panahon, at nagsabing, “Naroon si Juan.” Oh, oh!

304 Napakasaya niya, hanggang sa sabihin niyang, “Lahat ng bagay sa Langit.” Siya marahil ay sumigaw ng talagang mainam, hindi ba siya? “Lahat ng bagay sa Langit, lahat ng bagay sa lupa, lahat ng bagay sa ilalim ng lupa, ang bawat nilalang, ang lahat ng iba pang bagay, ay narinig ako na nagsasabing, ‘Amen! Mga pagpapala, at kaluwalhatian, at karunungan, at kapangyarihan, at kalakasan, at mga kayamanan, ay para sa Kanya.’” Amen!

305 Bakit? Kapag ang kapahayagan ay dumating, na ang Cordero, ang Manunubos, ang ating Kamag-anak, ay bumalik na mula sa Luklukan ng pamamagitan at humakbang dito upang kunin ang Kanyang pag-aari. Oh!

Di magluluwat kukunin ng Cordero ang
Kanyang Nobya at upang palagiang mapasa
tabi Niya,
Lahat ng hukbo sa Kalangitan ay magtitipon;
Oh, ito’y magiging isang maluwalhating
tanawin, lahat ng mga banal ay nasa ng
walang dungis na kaputian;
At maghahari tayong kasama ni Jesus sa
Walang Hanggan.
Oh, “Halika’t kumain,” Panginoon ay
tumatawag, (sa Salita), “Halika’t kumain.”

306 Oh, ako—ako—nakuha ko ng walang mga salita, kita n’yo.

“Halika’t kumain, halika’t kumain,”
Maari kang magpista sa hapag ni Jesus
anumang oras, (Ngayon! Ngunit kapag
nilisan na Niya, wala nang pag-asa.)
Siya na nagpakain ng karamihan, ginawang
alak ang tubig.

307 Siya na nagsabi, na, “Siya na sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginawa ay gagawin din niya.” Oh, naku! Siya na nangako ng mga bagay na ito sa huling mga araw. Siya na nagsabi ng mga bagay na ito. Siya na ngayo’y nasa panahon ng kapahayagan ng mga bagay na ito na ipinahayag. “Halika’t kumain.” Oh, huwag palagpasin Ito, aking kapatid.

Ngayon iyuko natin ang ating mga ulo sa ilang sandali lamang.

³⁰⁸ Bukas ng gabi, sa biyaya ng Diyos, sisikapin nating buksan ang Unang Tatak na iyan, kung ipauunawa sa atin Ito ng Diyos at hayaang makita natin kung ano nga ba ang kapahayagan na ito, “na ikinubli buhat pa ng itatag ang sanlibutan.”

³⁰⁹ Bago natin gawin iyan, kaibigang makasalanan, o malahiningang kasapi ng iglesya, mayroon ka lamang ba na isang pagkakasapi sa isang iglesya, o wala ka isa mang kinasasapian? At kung ikaw ay may kinasasapian lamang, ikaw ay halos magiging kasing buti na lang kung wala nito. Kailangan mo ng isang Kapanganakan. Kailangang lumapit ka sa Dugo. Kailangan lumapit ka sa isang bagay na sadyang aalisin palayo ang kasalanan, hanggang sa wala nang alaala pa nito.

³¹⁰ Kung hindi pa kayo nakakapaghandanda, ngayon, upang salubungin ang Cordero sa hangin! At sa pamamagitan ng kapangyarihan na ipinagkaloob sa akin sa pamamagitan ng utos sa akin, na ibinigay ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, at iginawad sa akin sa pamamagitan ng isang Anghel, isang Haliging Liwanag, inuutusan ko kayo, sa Pangalan ni Jesus Cristo! Huwag tangkaing katagpuin Siya sa pagiging kasapi lamang ng isang lohiya ng iglesya sa mundong ito.

³¹¹ Lumapit, habang ang Tagapamagitan, sa abot ng aking nalalaman, ay nasa Luklukan pa hanggang ngayon, gumagawa ng pamamagitan. Dahil, may darating na isang araw kung kailan nanaisin ninyong lumapit, at wala ng ang Tagapamagitan. Sapagkat kung makikita natin ang panahon na ating kinabubuhayan, sa ikapitong kapanahunan ng iglesya, at ang mga hiwaga ng Diyos ay naging kung ano ang mayroon sila, kasama ang pinagtibay na Espiritu ng Diyos na ipinapakita ang lahat na ipinangako Niya sa huling mga araw, gaano karaming panahon pa ang natitira? Kaibigang makasalanan, halina.

³¹² Panginoong Jesus, ang mga oras ay nahuhuli na. Maaring ito ay mas huli na kaysa sa aming iniisip. At nagagalak kami na makita ang mga oras na ito na dumarating. Ito ang pinakamaluwalahting panahon na kailan man nalaman ng sanlibutan, para sa mga mananampalataya. Ngunit, para sa mga tumatanggi, ay ang pinakamalungkot na panahon na magaganap. Hindi makasusumpong ng mga salita sa alpabeto, mga titik upang gumawa ng mga salita, na makapagpapahayag sa kaguluhan at kalungkutan na sa hinaharap. At wala ring mga salita na mabubuo, mula sa ating alpabeto, upang ipahayag ang mga pagpapala na nakalaan sa hinaharap para sa mananampalataya.

³¹³ Ama, maaaring may ilan, ngayong gabi, dito na walang pag-asa. At sila ay mga matatalinong tao. At ngayon kung ang Dugo ay nasa Luklukan pa rin ng Awa, hayaan na lumabas ang

Cordero mula sa Luklukan, patungo sa kanilang puso, sa gabing ito, at ipaunawa sa kanila na sila ay nawawala. At may Duguang mga kamay, magsasabing, “Lumapit, habang may panahon pa ng paglapit.”

³¹⁴ Ipinagkakatiwala ko ang Mensahe, Panginoon, kasama ng aking panalangin, sa Iyong mga kamay. Gawin anuman ang Iyong ibigin, Ama, sa Ngalan ni Jesus.

Habang nakayuko ang ating mga ulo.

³¹⁵ Kung hindi n’yo nakatagpo ang kahilingang ito at ang hinihinging ito! Kung nagtitiwala lamang kayo sa inyong iglesya! Walang anumang bagay na makatutubos. Kung kayo ay nagtiwala sa pamamagitan ng ibang santo, nawawala rin pa kayo. Kung kayo ay nagtiwala sa mga gawa ng inyong mga kamay, bagay na inyong nagawa, mabubuting mga gawa, nawawala kayo. Kung kayo ay nagtiwala sa—sa panalangin ng inyong ina, o ang katuwiran ng inyong ina, ng inyong ama; kung kayo’y nagtiwala riyang, kayo’y nawawala. Kung nagtiwala kayo sa ilang sensasyon, sa ilang kakaibang pandama, ilang emosyon, ng pagsasalita ng mga wika, o pagsasayaw! Kung iyan lang lahat ang pinagtiwalaan ninyo, at hindi kilala ang Cordero, ng personal, hindi Siya kilala, kung gayon, inutusan ko kayo sa harapan ng Diyos, gawing tama ang bagay na iyan, ngayon, sa Diyos.

³¹⁶ Sa kaibuturan ng inyong puso, manalangin. At maging simple lamang, sapagka’t ang Diyos ay nagkukubli sa kasimplihan. Tandaan n’yo, ang sabi ng Biblia, “Ilan man ang sumampalataya ay idinagdag.”

³¹⁷ At habang kami ay nananalangin para sa inyo, umaasa akong gagawin n’yo (inyong) iyang isang Walang Hanggang pasya, “Panginoon, sasabihin ko, ‘Opo!’” At ang isang *kapasiyahan* ay isang “bato.” Ngunit ano ang buti ng isang bato kung walang kantero na magtatabas nito, upang anyuhan ang gusali, upang lumapat sa gusali? Pagkatapos, hayaan ang Banal na Espiritu na tabasin kayo mula sa kung ano kayo, sa kung ano ang dapat na mangyari sa inyo. Kung kayo’y isang pormal lamang na kasapi ng iglesya; kung kayo’y isang makasalanan; ano man kayo; kung kayo’y walang Cristo, walang Banal na Espiritu, pagkalooban nawa kayo ng Diyos ng kapayapaan, ngayong gabi.

³¹⁸ Ngayon, Panginoon, sa kasing-tino ng nalalaman ko kung papaanong lumapit, at kasing—kasing Skriptural na nalalaman ko kung papaanong lumapit, ako ay lumalapit ngayon kasama ng mga ito na ipinagkakatiwala ko sa Iyo, kasama ng Salita. Ako’y nagtitiwala, Panginoon, na ang Salita ay nakatagpo ng lugar nito sa puso ng mga tao, ngayong gabi.

³¹⁹ Kung mayroon man dito na hindi nakakaalam, o hindi taglay ang katiyakang iyan ng matamis na Presensiya ng Banal na Espiritu na naninirahan sa kanilang buhay; iyang, mga galit,

o kawalang malasakit, o mga pagkamakasari, o bagay na pumutol sa dakilang Bagay na ito mula sa kanila, at inilayo sila mula Rito; o ilang credo, o—o—o ilang sensasyon, na inilayo sila mula sa katamisan ng pakikipag-ugnay sa Diyos; na ito ngayon ay makalagan!

³²⁰ At ang Corderong iyan, iyang Duguang, banal na Kamaganak na naparitong naglalakad palabas mula sa Luklukan, pababa roon sa makalangit na mga Liwanag ng mga pasilyo ng Luklukan ng Diyos, lumakad palabas upang angkinin ang kaniyang mana! Diyos, ipahintulot, ngayong gabi, na kanilang tatanggapin Siya. Nawa bawat pasiya ay gawin ng taus-puso, at isuko nawa nila ang kanilang sarili sa Kanya lamang na Siyang makakatabas sa kanila at makakapag-anyo sa kanila sa pagiging mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos.

³²¹ Ngayon, sa taimtim na panalangin, ginagawa ko ito sa paraang nadarama ko na pinangungunahan akong gawin ito. Sa kataimtiman, sa harapan ng Diyos, gaya pinatunayan Niya ang Kanyang sarili sa inyo. At kayo ay hindi Cristiano, o kayo ay hindi ang tinatawag nating isang. . . Hindi isang—hindi isang—isang—isang tagasapi sa denominasyon, kundi ang ibig kong sabihin ay isang Cristianong ipinanganak na muli. Ngunit taimtim n'yong pinaniniwalaang ang Mensahe ay tunay, at taimtim n'yong pinaniniwalaan na maliligtas lamang kayo sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. At naniwala kayo na nangungusap Siya sa inyong puso ngayon. At ibig n'yo Siyang tanggapin, at nakahanda para sa Kaniyang Salita upang—upang tabasin kayo sa pagiging kung ano kayo, at gawin kayo sa kung ano nararapat sa inyo. Sasaksihan n'yo ba ang mga ito, sa pamamagitan ng pagtayo sa inyong mga paa? Kung ang taong iyan ay narito, at ibig gawin iyang sap. . . iyang sapat-sa-lahat, tumindig sa iyong mga paa.

³²² Makalangit na Ama, wala na akong nalalaman pang gawin kundi ang banggitin ang Iyong Salita. Narito ang mga tao na nakatayo sa kanilang mga paa, na nakadarama na hindi pa sila nakararating sa kung saan sila dapat, nakahanda para sa Pag-agaw na ito, sapagka't maaari itong maganap bago buksan ang Unang Tatak sa amin.

³²³ At, Ama, dumadalangin ako para sa kanila. Ako—ako, bilang Iyang lingkod, inihahandog ang panalanging ito sa dakilang Tagapamagitan, si Cristo. Habang sila'y nananalangin, iniaalay ko ang aking panalangin kasama ng sa kanila, sa maputing Luklukan ng Diyos, kung saan ang Duguang Handog ay nakalapag doon ngayong gabi. At anumang oras ay maaaring humakbang mula sa Luklukan, upang pumarito upang angkinin ang Kanyang pag-aari, kung magkagayon ay wala ng natitira pang awa; ito'y paghatol.

324 Ipahintulot, Panginoon, na ang mga taong ito sa kanilang mga paa, na nangakatayo; sa kanilang mga puso, na isinasagawa ang kanilang pagpapahayag, at bukal sa loob na hayaang hubugin sila sa Espiritu ng Diyos, at tabasin sila, at anyahin sila sa pagiging buhay na mga bato, tungo sa Tahanan ng Panginoong Diyos. Ipahintulot ito, Ama. Ipinagkakatiwala ko sila sa Iyo ngayon.

325 At sinabi Mo, “Siya na magpapahayag sa Akin sa harapan ng mga tao, ipapahayag Ko rin siya sa harapan ng Aking Ama at sa mga banal na Anghel.” At ngayon Ika’y nakaupo roon, sa presensiya ng lahat, ngayong gabi. At sila’y nangakatayo, na ipinapahayag Ka. At, Panginoon, kung iyan ay mula sa kaibuturan ng kanilang mga puso, sadyang kasing tiyak kagaya ng Salita ng Diyos ay tama, Ikaw ngayon ay nagsasagawa ng pamamagitan para sa kanila, at tinatanggap sila sa—sa biyaya at mga kaharian ng awa ng Dugong naglilinis ng inihandog na Cordero. At sila’y magiging sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

326 Ngayon, kayo na nakakakita sa mga taong ito na nangakatayo sa kanilang mga paa, ang kabataang lalaking ito na *nariyan* mismo, at silang mga nangakatayo, kayo na nakadama na ang lahat ng kasalanan at sumpa ay nawala. Ibig kong tumindig lamang kayo, ang iba sa inyo ay malapit sa kanila. Kamayan ang kanilang kamay, at sabihing, “Kapatid na lalaki, ako’y mananalangin para sa iyo. Kapatid na babae, ako’y nananalangin para sa iyo.” Makipagkamay lamang sa kanila, at sabihin, “Pagpalain ka ng Diyos.” At ngayon ang iba ay nasa kamay na ng Makapangyarihan sa lahat. Sabihing, “Ako ay dadalangin, at gagawin ko ang lahat ng aking magagawa upang tulungan kang makapasok sa Kaharian ng Diyos.”

Oh, tumatawag ngayon!

Oh, si Jesus ay tumatawag!

Siya’y malumanay na tumatawag ngayon!

327 Mahal n’yo ba Siya? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Hindi ba Siya’y kamangha-mangha? [“Amen.”] Oh, ano ang gagawin natin kung wala Ito? “Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao; kundi sa bawa’t Salita na namumutawi sa bibig ng Diyos, mabubuhay ang tao.” Oh, pakanin ako, Panginoon, sa Salita.

328 “Huwag pabayaang ang inyong pagtitipon, gaya ng ginagawa ng mga di mananampalataya, at higit lalo habang inyong nakikita na ang Araw ay nalalapit na.”

329 Kalooban ng Diyos, bukas ng gabi, sa biyaya ng Diyos, sisikapin kong, sa lahat ng nasa akin, na hilingin sa Kaniya na mamagi— . . .mamagitan, na ang hiwaga ng mga Tatak na ito, habang ito’y inaalis, ay ipapahayag ang Salita ng Diyos na mga tao.

Hanggang sa muling makita ko kayo, sumainyo ang Diyos!

³³⁰ At ngayon ibinabalik ko ang gawain sa ating mahal na kapatid, Kapatid na Neville, ang pastor. Ilan ang umiibig kay Kapatid na Neville? [Kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ngayon, lahat tayo nagmamahal. Dumako ka sa harapan, Kapatid na Neville. Kapatid na Neville, pagpalain ka ng Diyos, kapatid. 🕊

ANG KAPAHAYAGAN NG PITONG TATAK
(The Revelation Of The Seven Seals)

Ang sampung Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham ay ipinangaral noong Marso 17 hanggang Marso 24, 1963, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., at *Ang Ikapitong Tatak* ay ipinagpatuloy noong Marso 25 sa Sherwood Motel. Dahil sa pagkaka-kalap ng mas malinaw at mas kumpletong orihinal na mga teyp, ang mga Mensaheng ito ay inayos muli batay sa pangkasalukuyang ayos. Bawat pagsisikap ay ginawa upang tamang-tamang mailipat ang berbal na Mensahe mula sa mga nakatalang magnetikong teyp tungo sa pahinang lathalain, at nalathala rito na walang bawas ng Voice of God Recordings.

Ang lahat ng karapatan sa aklat na ito ay reserbado. Ang aklat na ito ay hindi maaring ipagbili, ilathala muli, isalin tungo sa ibang mga wika, o gamitin para sa pangangilak ng mga pondo ng wala ang nasusulat na kapahintulutan ng William Branham Evangelistic Association.

TAGALOG

©1998 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org